# Modyul 13
# Pagsusuri ng Akda sa Teoryang Naturalismo at Romantesismo



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Magandang araw sa iyo! Ako'y nasisiyahan at nagkaroon ulit tayo ng pagkakataong matalakay ang isa pang makabuluhang aralin sa araw na ito. Ito'y may malaking kaugnayan sa uri ng pamumuhay na pinagdaraanan natin sa kasalukuyang panahon.


Kung bibigyan ka ng pagkakataong mailarawan ang buhay, paano mo ito ilalarawan? Ayon sa isang linya sa awitin, "mahiwaga ang buhay ng tao", naniniwala ka ba rito? Batay rin sa isang kompositor, ang buhay raw ay tulad ng isang awit na may simula at may katapusan… Bukod sa mga ito, may nabasa o narinig ka na bang mga kwento o akdang naglalarawan tungkol sa iba't ibang uri ng pakikipagsapalarang kinahaharap ng mga tao sa kanilang pamumuhay? Tiyak kong ikaw, kahit sa iyong murang edad ay marami ka nang karanasan tungkol sa lungkot at sayang nakapaloob sa buhay; ang hirap at ginhawang maaaring maranasan; ang misteryo o hiwagang bumabalot dito at maging ang pakikibaka at ang mga hamon nito.

Naitanong mo na rin ba sa iyong sarili kung bakit nga ba ganito ang buhay? Bakit kinakailangang may lungkot at saya; hirap at ginhawa? Ang lahat ng katanungang ito'y maaaring masagot at mabigyang-linaw matapos nating talakayin ang araling inihanda ko para sa iyo sa araw na ito. Lubos na makatutulong ang pag-unawa mo sa dalawang akdang iyong babasahin at susuruin na pinamagatang Tigre! Tigre! at Tatsulok na Daigdig. Kapwa makapagbibigay ng magagandang kaisipan at mensahe ang mga akdang ito tungkol sa hiwagang bumabalot sa buhay ng lahat ng tao sa daigdig.



## Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa sa iba't ibang genre ng panitikan



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Malaki ang maitutulong sa iyo ng modyul na ito sapagkat gagabayan ka nito tungo sa iyong pagkatuto. Nakalahad dito ang mga tuntunin upang maging maayos at makabuluhan ang iyong paggamit.


1. Sagutin mo nang maayos ang Panimulang Pagsusulit o ang bahaging "Ano Ba Ang Alam Mo?" gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro, iwasto ang iyong mga sagot. Huwag kang mag-alala kung magkaroon ka man ng maraming mali sapagkat matutulungan ka naman ng mga gawaing inihanda ko para sa iyo.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang paksang-aralin at isagawa mo ang kaugnay na mga gawain. May mga panuto kang mababasa kung paano ito maisasagawa.

4. Suriin mo kung naragdagan ba ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging "Gaano Ka Na Kahusay?" Pagkatapos, iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro. Maging tapat ka sa pagwawasto.

5. Kaibigan mo ang modyul na ito kung kaya't gamitin mo nang wasto. Sagutan mo itong mabuti at sikaping huwag masulatan. Gumamit ka ng hiwalay na notbuk o papel sa pagsagot.



## *Ano ba ang alam mo?*

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap sa bawat bilang. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Ang bundok na iyon ay laging nakukumutan ng ulap. Samakatwid, ang bundok ay palaging may:

   a. ulan  c. hamog
   b. ambon  d. bahaghari

2. Ang uri ng tayutay na nakapaloob sa pangungusap sa unang bilang ay:

| | |
|---|---|
| a. pagtutulad | c. pagmamalabis |
| b. pagwawangis | d. personipikasyon |

3. Ang lalaking nasa gubat ay madalas makakita ng itim na pangitain. Nagbabadya lamang ito sa kanya ng:

| | |
|---|---|
| a. kaligayahan | c. kamalasan |
| b. kalungkutan | d. kasuwertihan |

4. Maraming produkto ang makukuha ng mga tao sa kagubatan kung kaya't nagiging sanhi ito ng kanilang pagiging:

| | |
|---|---|
| a. tamad | c. masaya |
| b. palaasa | d. maunlad |

5. Ang gubat ay maraming lubak at guwang na dantaon nang naiwang basa at madilim na pinag-aabangan ng nakamamatay na mga panganib. Ito'y maaaring epekto ng:

| | |
|---|---|
| a. pagkakaingin | c. madalas na pag-ulan |
| b. pagputol ng mga puno | d. kapabayaan ng mga tao |

6. Nakita niya ang dalawang Pipit na ibon, ang isa ay pasisid at ang isa'y paitaas. Naisip niyang sa anumang direksyon patungo ang mga ito, magpapatuloy pa rin sila sa masiglang pag-awit. Masasabing ang pananaw sa buhay ng taong nagmamasid sa dalawang pipit ay:

| | |
|---|---|
| a. payak | c. maganda |
| b. mapagmasid | d. puno ng pag-asa |

7. Dumaplis ang bala at ang usa ay nakaalpas, "Di bale, magkakaanak pa ng marami ang usang iyon. Mas marami ang aking mahahanting balang-araw." Ang pahayag na ito ng tauhan ay nagpapatunay ng kanyang pagiging:

| | |
|---|---|
| a. maagap | c. mabangis |
| b. masipag | d. masigasig |

8. Ang pahayag sa bilang pito ay naaayon sa teoryang:

| | |
|---|---|
| a. humanismo | c. romantesismo |
| b. naturalismo | d. eksistensyalismo |

9. Ang mga kalikasan ay biyaya sa atin ng Maykapal kaya nararapat lamang natin itong:

| | |
|---|---|
| a. pagandahin | c. pakinabangan |
| b. pagyamanin | d. pagkunan ng ikabubuhay |

10. Kapag napabayaan ang kalikasan at kapaligiran, maaari itong magdulot sa mga mamamayan ng:

| | |
|---|---|
| a. kahirapan | c. kasamaan |
| b. kamatayan | d. kalungkutan |

Maaari mo nang iwasto ang iyong mga sagot. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Maganda ba ang naging resulta ng iyong iskor? Huwag kang mabahala sa kinalabasan nito. Ang mahalaga'y tinitiyak kong ang modyul na ito ay makatutulong na maipaunawa sa iyo ang iba't ibang kasanayan na dapat mong matutunan sa tulong ng mga gawaing inihanda ko para sa iyo.

# *ARALIN 1: Tigre! Tigre!*

### ***Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?***

Inaasahang iyong matatamo ang sumusunod na kasanayan matapos mapag-aralan ang modyul na ito.

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga salita at pahayag na may tagong kahulugan
2. Nailalahad ang mga bahaging nagpapakita ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa akda
3. Naipapaliwanag ang teoryang naturalismo batay sa mga pangyayaring binanggit sa nobela
4. Napatutunayang ang pag-aalaga at pagmamalasakit sa kalikasan at lahat ng nilikha ay lubhang mahalaga tungo sa pagkakaroon ng maayos na pamumuhay
5. Nakasusulat ng salaysay kaugnay ng mga tauhan at pangyayari sa akda

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo…**

Panuto: Ayusin ang ginulong letra sa bawat kahon at isulat sa ibaba ng larawan ang katangian ng sumusunod na hayop.

1. 

3. 

5. 

2. 

4. 

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| a a i s<br>m p g | a t a<br>p t | l a i t<br>k s | u t<br>s o | a i a b<br>n s b g |

Nahirapan ka bang ayusin ang mga ginulong letra? Naisulat mo ba sa patlang ang katangiang taglay ng sumusunod na hayop sa larawan? Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at iwasto mo ang iyong mga kasagutan at pagkatapos ay ihanda mo na ang iyong sarili sa kasunod na gawain.

**2. Basahin mo…**

Ang iyong babasahin ay isang nobelang Indones na isinalin sa wikang Filipino. Natitiyak kong maiibigan mo ang akdang ito sapagkat makapaglalakbay ang iyong imahinasyon sa isang lugar sa Indonesia kung saan naganap ang pangyayari sa nobela.

Bago mo simulan ang pagbabasa ay ibibigay ko muna sa iyo ang kahulugan ng ilang salitang Indones na matatagpuan sa akda. Makatutulong ito sa iyo upang higit mong maunawaan ang mga pangyayari sa nobela. Tunghayan ang kasunod na pahina.

Damar- dagtang ginagamit sa paggawa ng batik na isang uri ng tela.
Pencak- isang paraan ng pagtatanggol ng mga kalalakihan sa kanilang sarili.
Shaman- manggagamot
Huma- kaingin o pagsunog sa kagubatan na nakapipinsala sa kapaligiran.
Mantra- bulong at dasal
Dangung- dangung- instrumentong pangmusikal
Kakak- kuya; tawag ito sa nakatatandang kapatid na lalaki.
Silat- isang paraan ng pagtatanggol sa sarili.

Maaari mo na ngayong simulan ang pagbabasa sa nobela… Nawa'y magustuhan mo ang mga pangyayaring nakapaloob dito. Maligayang pagbabasa!

## TIGRE! TIGRE!
Ni Mochar Lubis
Salin ni Mauro R. Avena

Ang buong pulo ay nalalatagan ng gubat, mula sa mabuhanging dalampasigan, kung saan ang tubig na nabubuong mga alon sa malayong Antartika ay humahampas pagkaraan ng mahabang paglalakbay, hanggang sa mga tuktok ng bundok na laging nakukumutan ng ulap. Pabagu-bago ang mukha ng gubat. Sa may dalampasigan, isang latian na hitik sa bakawan ay bumubuo ng sala-salabat ng hadlang. Papasok sa pulo at pataas sa lupa, ang mga puno't halaman ay patuloy sa pag-iiba-iba, at pag-abot sa dakong loob, ang mga iyo'y naglalakihan at nagtataasan, ang kanilang mga sanga'y nauukitan ng parang lambat na disenyo ng lumot.

Hindi pa natatagos ng tao ang kabuuan ng sinaunang gubat, na ang loob ay napakayaman sa buhay. Dito'y di mabilang ang namumugad na mga ligaw na nilalang. Naglipana rin ang maririlag na halaman at nagtatayuang punongkahoy na nakokoronahan ng mga eksotikang orkidarya.

Sa loob ng gubat, kayraming ibon at iba't ibang tsonggo ang malayang namumuhay, samantalang sa ibaba, sa lupa, walang-puknat ang maingat na paghahanap ng makakain ng mga itim na leopardo, elepante, at osong tropikal. Ang mga pampang ng ilog at katabing damuhan ay teritoryo ng mga tapir, rinoseros, ahas, buwaya, at usa. Nagkalat ang mga insekto.

Maraming parteng gubat ang nakakatakot. Ang mga ito'y puno ng latian na pinag-aabangan ng nakakamatay na mga panganib, at mga lubak at guwang na dantaon nang naiwang basa at madilim. Mayroon ding magaganda at kaakit-akit na lugar na walang pinag-iba sa mga engkantadong gubat ng mga kuwento. Ang hawan ng mga bahaging ito ng sinaunang gubat, na mayamang naaalpombrahan ng berdeng damo, ay payapa at nakakapagbigay-ginhawa. Kadalasa'y napapalibutan ang mga ito ng mayuyuming puno ng cemera, na pumupuno sa hangin ng masangsang na amoy ng kanilang dagta. Sa gitna ng maririkit na lambak na ito, di maaaring di magkaroon ng mga sapa ng malamig at mala-kristal na tubig, pabula-bula at patila-tilamsik, paawit-awit, at pabulung -bulong. Walang di naakit huminto at magpahinga roon.

Sa loob ng gubat ay makatatagpo ng rattan, *damar* – isang dagta na ginagamit sa paggawa ng batik - at maraming uri ng mahalagang kahoy. May mga taong noo'y tumira roon, pero nilisan nila iyon noong sila'y magtayo ng mga lunsod at nayon kung saan. Ngayo'y paminsan-minsan na lang silang bumabalik doon, para humanap ng ikabubuhay sa pamamagitan ng paghahakot sa mga produkto ng gubat.

Pito sa mga lalaking tulad nila ay isang linggo nang nasa gubat sa panganganap ng damar. Si Pak Haji ang pinakamatanda. Gayong sisenta anyos na siya ay nananatiling malusog at malakas. Matalas pa rin ang kanyang mga mata at tainga. Ang pag-ahon at paglusong sa bundok, pasan ang mabibigat na kaing ng damar o ratan, pasinghap sa nakakapagpasiglang hangin, ay nagpatibay ng husto sa kanyang katawan. Ipinagmamalaki ni Pak Haji na di niya nararanasan ang mga karamdamang dala ng pagtanda, at sa tanang buhay niya'y di pa siya naratay sa banig.

Disinuebe anyos siya nang una niyang iwan ang kanyang nayon at magpasaibang-bayan. Nagpunta siya sa Japan, China, Africa, at India, kung saan niya pinag-aralan ang Koran. Limang taon siyang nagtrabaho sa barko, naglakbay sa malalayong daungan ng mga puti at ng kanilang maiingay at groteskong siyudad.

Pero tinawag siyang muli sa kanyang nayon. Kaya't pagkaraan ng dalawampung taong paglalagalag, isang huling biyahe ang kanyang isinagawa sa pilgrimahe sa Mecca upang tupdin ang kanyang obligasyong panrelihiyon. Saka siya umuwi. Ipinagpatuloy niya ang pangangalap ng damar, isang gawaing inumpisahan niya nang trese anyos, ng unang sinamahan ng kanyang ama sa gubat. Matapos niyang matutuhan ang napakaraming bagay sa mundo, lagi niyang sinasabi na kuntento na siya ngayong maging isang hamak na tagakalap ng damar.

Si Wak Katok ay singkuwenta anyos. May malakas at matipuno siyang pangangatawan. Maitim ang kanyang buhok, ang kanyang bigote ay mahaba at makapal at ang kanyang braso't binti ay namumutok sa buhul-buhol na masel. Ang kanyang mukha ay dinodomina ng buo't makakapal na

labi at makislap at nananagos sa tinging mga mata. Siya'y eksperto sa *pencak*. Maraming taong naituro niya sa kalalakihan sa nayon ang tradisyunal na paraang ito ng pagtatanggol sa sarili. Si Wak Katok ay iginagalang din bilang mahusay na mangangaso at *shaman*, o manggagamot.

Ang mga batang miyembro ng grupo ay sina Sutan, na beynte-dos anyos lang pero mayroon ng sariling pamilya. Talib, na beynte-siyete anyos at may asawa at tatlong anak; Sanip, na beynte-singko anyos, may asawa at apat na anak; at Buyung, ang pinakabata, na katutungtong lang sa pagka-disinuebe at walang asawa.

Ang apat na lalaking ito ay naging estudyante ni Wak Katok sa pencak. Nag-aral din sila ng maharlika sa kanya. Alam nilang darating ang araw na magiging pinuno ng kanilang nayon si Wak Katok, isang lalaking itinuturing na lider ng marami, at karapat-dapat na igalang at parangalan. Kailanma'y di nila pinagdududahan ang kanyang salita o gawa. Lumalabas na si Wak Katok ang puno ng mga mangunguha ng damar.

Ang ikapitong miyembro ng grupo ay si Pak Balam, na tulad ni Wak Katok ay singkuwenta anyos. Siya'y di masalita, maliit ang katawan pero gayunma'y masipag magtrabaho. Sa sinasabing pag-aalsa ng mga Komunista noong 1926, siya'y nadakip ng mga Dutch at apat na taong ikinulong sa Tanah Merah. Ang bata at buntis niyang asawa, na sumunod sa kanya sa preso, ay dinapuan doon ng malarya at nakunan. Dahil dito'y hindi na ito muling nakapagdalantao. Naging sakitin ito mula noon, at ang pera ni Pak Balam ay naubos sa mga gamot nito.

Magkakasamang lagi ang pitong lalaki sa pangunguha ng damar gayong wala silang pormal na sosyohan at bawat isa'y may layong magbenta ng kanyang makalap. Pero dahil pito sila sa grupo, ang pakiramdam nila'y mas ligtas ang kanilang lagay at mas kaya nila ang kanilang gawain.

Sa mata ng kanilang kanayon, sila'y mabubuting tao. Si Wak Katok ay iginagalang sa kanyang galing sa pencak at pagiging mangangaso. Nang siya'y bata pa, napabalita sa nayon ang paggamit niya ng pencak laban sa isang osong humarang sa kanyang daan sa gubat pero bilang shaman, siya'y kinatatakutan. Pabulong lang mabanggit ng mga tao ang tungkol sa kanyang pagiging salamangkero. May usap-usapan na nagagawa niyang makipag-ugnayan sa mga multo at masasamang espiritu.

Hinangaan ng mga taganayon si Pak Balam. Itinuturing nila itong isang bayani dahil sa paglaban sa mga Dutch. Alam nila na hindi ito Komunista. Napakarelihiyoso nito – malayong maging isang Komunista na di naniniwala sa Diyos o sa relihiyon. Lumaban maging sa mga kolonyalista si Pak Balam at ang kanyang mga kaibigan dahil sa pang-aapi ng mga iyon sa taumbayan, na walang-tigil na pinapatawan ng mga bagong buwis at ninanakawan ng kalayaan at sariling dangal.

Si Pak Haji ay nirerespeto dahil sa kanyang edad at dahil nakapaglakbay na siya sa Mecca. Gayunman, hindi siya maintindihan ng mga tao. Mula nang bumalik siya sa kanyang pangingibang-bayan, naging parang dayuhan na rin siya. Iniwasan niyang makasal, gayong binubuyo siyang mag-asawa ng kanyang pamilya. Ayaw rin niyang maging pinuno ng nayon. Sa umpisa, pinaratangan siyang mapagmalaki ng mga tao, pero di nagtagal, nasanay na ang mga ito sa kakaiba niyang gawi at di siya pinagtakhan. Mukhang kuntento na si Pak Haji na balewalain ng iba.

Sina  Sutan, Buyung, Talib at Sanip ay itinuturing na disente at maipagkakapuring mga kabataan, tulad ng karamihan sa mga taganayon. Iginagalang sila sa kanilang kapwa, tapat sila sa kanilang pagdarasal at pagsamba sa moske, at tulad ninuman ay nakikipaghuntahan sa kanilang mga kaibigan sa mga kapihan. Tumutulong sila sa pagtatayo ng bagong bahay o sa pagpapahusay ng mga daan o patubig. Nakikipagbiruan sila. Mabubuti silang ama, kapatid, at kaibigan. Tumatawa sila, umiiyak, nangangarap, umaasa, nagagalit,  nabibigatan ang loob, at nalulungkot tulad ng iba sa nayon. Wala silang iniwan sa ibang tao. Silang karaniwang kabataan.

Ngayo'y nasa loob sila ng gubat.

Dala ni Wak Katok ang kanyang ripple. Bihira niya itong dalhin kapag nangunguha ng damar. Ginagamit lang niya ito kapag nangangaso na balak niyang gawin ngayon.

Dalawang buwan na ang nakararaan, nakakita sila ng isang usa na pumasok sa *huma*, o kaingin, ni Pak Hitam, hanap ay pagkain. Naghawan ng lupa sa gitna ng gubat si Pak Hitam na pinagtayuan niya ng bahay. Doon nagpapalipas ng gabi ang pitong lalaki kung malapit doon ang pinagkukunan nila ng damar.

Luma na ang ripple, pero mahusay itong armas. Gustung-gusto iyon ni Buyung. Nakakaramdam siya ng pagmamalaki kapag nakapatong iyon sa kanyang balikat, pahalinhin kay Wak Katok. Ang ripple at tsapa ng isang lalaki. Ang isang munting punyal, o kaya'y kris, o maigsing espada na nakasukbit sa baywang ay palamuti lamang sa kasuotan ng isang lalaki, pero ang baril sa kanyang balikat ay simbolo ng control na katumbas ay kapangyarihan.

Nasisiyahan si Wak katok na ipahiram kay Buyung ang ripple, na inaalagaan nitong mabuti. Tuwing isasauli iyon ni Buyung, iyo'y nalangisan na at nasa mas mahusay na kundisyon kaysa pagkapahiram. Panay ang pahid ni Buyung  sa kanyon niyong may masalimuot na disenyo, kaya't ang bakal na iyon ay kumikinang nang madilim na asul kapag tinatamaan ng liwanag. Ang kamagong niyong puluhan ay nangingintab na itim, madalas na parang pelus. Hindi iyon kakikitaan ng katiting mang alikabok o pulbura.

Nag-iipon si Buyung para makabili ng sarili niyang baril, iyong mas makabago. Ang lumang ripple na binabalahan sa bunganga, tulad ng kay Wak Katok, ay mabusising ipanghanting. Una, kailangang ibuhos ang pulbura ng kanyon, saka papiping sasalaksakin ng barilya. Tapos, ang bala ay kailangang ipasok sa kanyon at pataktak na pabababain. Habang ginagawa ang lahat ng ito, ang usa o baboy-damo ay maaring makatakbo na at mawala.  Ang baril na sa bunganga binabalahan, kailangang asintado ang gumagamit – dapat tumama ang unang kalabit. Walang  pangalawang tsansa ang mangangaso.

May dahilang magmalaki si Buyung sa galing niya sa baril. Minsan, ang inasinta niya ay ang pinakalikod ng tainga ng isang tumatakbong baboy, at doon mismo tumama ang bala. Sa isa pang okasyon, siya at si Wak Katok – kasama ang ilang lalaki sa nayon – ay nanghahanting ng isang kawan ng mababangis na baboy-ramo, at sa kaliwang mata ng isang naninibasib sa kanya sumuntok ang kanyang bala. Ipinakita ni Wak Katok ang kanyang kababaang-loob nang sabihing hindi niya madadaig ang pamamaril ni Buyung. Galing kay Wak Katok, iyo'y tunay na malaking papuri, kaya't kumalat ang reputasyon ni Buyung bilang asintado, bagay na nagbigay sa batang mangangaso ng parang opisyal na katayuan sa nayon. Ang dahila'y ang naunang pahayag ng mga taganayon mismo

na walang makapapantay kay Wak Katok sa galing sa papamaril, pangangaso, pagbasa at pag-unawa sa lahat ng uri ng bakas at yapak, at sa pangkahalatang kaalaman sa mga ugali at gawi ng mga nilalang sa gubat.

Bata pa si Buyung ay marami na siyang narinig na kuwento tungkol sa katapangan at galing ni Wak Katok. Ayon sa mga istorya, kapag ginusto ni Wak Katok na gamitin ang kanyang mga paraan sa pagtatanggol sa sarili, napapatay niya ang kanyang kalaban na di lumalapat ang alinmang bahagi ng kanyang katawan sa biktima. Sapat nang igalaw niya ang kanyang kamay o paa sa direksyon ng kaaway upang iyon ay bumagsak sa kinatatayuan.

Kalat na sa ibang nayon ang reputasyon ni Wak Katok bilang shaman. Magaling siyang gumamot ng mga karaniwang pasyente, pero natutulungan din niya ang mga nabibiktima ng kulam. Alam niya kung paano pahirapan ang isang tao, paibigin, takutin, igalang, o pasunurin sa utos ng iba. May mga inumin siyang pampaibig para sa lalaki at babae. Ayon sa istorya, isang binatang nahumaling sa isang babaeng may-asawa ang nakiusap kay Wak Katok na gamitan iyon ng mahika-negra para mapaibig din iyon. Nagpakuha raw dito si Wak Katok ng isang hibla ng buhok ng babae, at di nga nagtagal, humingi iyon ng diborsiyo sa esposo. Na iniwan niyon pati na ang kanilang mga anak.

Si Wak Katok na may mga lihim na bulong at dasal, o *mantra*, para sa maluwalhating biyahe. Mayroon siyang mga anting-anting na panlaban sa anumang sandata o sa kamandag ng ahas. Ayon sa mga tao'y nagagawa rin niyang magtagabulag – gayon kabigat ang kanyang kapangyarihan.

Tinatrato ni Buyung na mapalad siya't naging pupilo ni Wak Katok at napabilang sa mga kasamahan nito sa gubat.

Malaki ang pag-asa ni Buyung at ang kanyang mga kaibigan na tuturuan sila ni Wak Katok ng mga mas kagila-gilalas na aspekto ng salamangka. Ang gusto talaga ni Buyung ay matutuhang mabuti ang mantra na pang-akit sa babae. Masama ang tama niya kay Zaitun, ang anak na dalaga ni Wak. Matalik na magkaibigan ang kanilang mga ama, at sina Zaitun at Buyung ay magkalaro noong sila'y bata pa. Natatandaan ni Buyung ang maraming pagkakataong walang humpay niyang tutuksuhin si Zaitun hanggang ito'y maiyak. Nang magdose anyos na si Zaitun, iniwasan na siya nito, at bihira na silang magkita. Nagdalaga na ito, at siya nama'y nagbinata, at di na sila maaring magtagpo tulad ng dati.

Hindi masabi ni Buyung kung ano talaga ang damdamin sa kanya ni Zaitun. Minsa'y magiliw ito. Kung ito'y nautusang sumaglit sa kanila, may dalang pagkaing niluto ng ina nito, maganda ang ipinapakita nito kung siya'y madatnan sa bahay. Maaliwalas ang mukha na nginingitian siya nito at tatawaging *kakak*, o kuya, gayong isang taon lang ang tanda niya rito. Kapag ganoon ang pakita ni Zaitun, napapalukso ang puso ni Buyung, di mapakali sa titig na parang di siya nakikita. Kapag nilalapitan niya ito habang kinakausap ang kanyang ina, di siya papansinin nito. Paano niya mahuhuli ang puso ng isang sumpunging babaeng tulad ni Zaitun kung wala ang mga mantra ni Wak Katok.

Pero ayaw pang ipaalam ni Wak Katok kay Buyung ang ganoong kabisang karunungan. "Bata ka pa," sabi nito "at mainit pang masyado ang dugo mo. Baka maloko ka sa lahat ng babae sa nayon. Ang birtud na ito ay para mapangalagaan ang amor propyo ng isang lalaki – kung pagtawanan ka ng

isang babae, o kung talagang gusto mo ang isang babae at ibig mo siyang mapangasawa. Pero uhugin ka pa. Baka gamitin mo ito sa ibang paraan, halimbawa'y panggayuma sa asawa ng may-asawa."

Minsa'y parang nasisira na ang tuktok ni Buyung sa pag-isip kung mapapaibig niya si Zaitun. Alaala niya ito bawat sandali. Hinahanap-hanap niya ito. Ang mukha nito ay laging nasa harap niya. Maya't maya'y nakikita niya ito sa kanyang balintataw. Napakaganda nito.

Minsa'y lihim niya itong pinanood habang naliligo sa balon ng nayon kasama ang mga kaibigan nito. Ang mahaba nitong buhok na itim ay umalong pababa sa gitna ng likod nito. Balingkinitan ito, ang braso't binti'y kaakit-akit. Ang balat nito'y maputlang dilaw na bunga ng *duku*, at ang mga ngipi'y pantay-pantay at makinang na puti. Pula ang mga labi nito, gayong hindi ito ngumunguya na nganga o tabako. May ganoong nakakainis na bisyo ang tiya ni Buyung, kaya't laging may bakas ng katas ng tabako sa labi nito, sa unan nito, at sa mesa, sa kusina, sa hagdan, sa sala – sa lahat ng dako. Kapag nakikipag-away ito sa kanyang asawa, iyo'y dinuduraan nito ng nginunguya. Pakikiusapan ito ng kanyang tiyo na tignan kung saan dumudura, pero para itong bingi. Kailanma'y hindi niya papayagang gawin iyon sa kanya ng magiging asawa niya.

Alam ni Buyung na masisiyahan ang kanyang mga magulang na maging manugang si Zaitun. Minsa'y alam niyang pinag-uusapan ng mga iyon ang bagay na ito gayong alam nilang nasa labas lang siya ng kuwarto. Naganap ito isang hapon nang pumunta sa kanila si Zaitun, narinig niyang sabi ng kanyang ama, "Mabuti siyang bata. Mukhang maganda ang ugali."

"Oo", tugon ng kanyang ina. "Mahusay sa mga gawaing bahay. Marunong manahi, at paladasal. Maganda siyang bumasa ng berso mula sa banal na libro. At nakatapos pa ng pag-aaral.

"Binata na si Buyung – disin'webe – at magaling magtrabaho", sabi ng ama niya.

"Ewan ko lang," sabi ng kanyang ina. Sa mata nito, may gatas pa sa labi ang anak.

Si Buyung ay nasa tama nang gulang. Nakatapos na siya sa iskwelahang publiko, at dalawang beses na niyang nabasa nang buo ang Koran. Kaya na niya ngayong maghanapbuhay.

"Ang totoo, maaareglo natin ang kanilang kasal," narinig niyang mungkahi ng kanyang ama. "Sa tingin mo ba'y gusto siya ni Zaitun?"

"Lahat ng dalaga sa nayo'y gustong pakasalan si Buyung."

Natawa ang ama niya. "Sa mata mo, wala nang gug'wapo pa sa iyong anak."

Hinintay ni Buyung ang isasagot ng kanyang ina, pero nalipat sa ibang bagay ang usapan, at ang tanong tungkol sa gusto siya ni Zaitun ay naiwang bitin.

Alam ni Buyung na gusto siya ng ama ni Zaitun. Tuwing magkikita sila, tinatanong si Buyung tungkol sa kanyang trabaho, sa pag-aaral ng Koran, at iba pa. Minsa'y hiningi nito ang payo ni Buyung tungkol sa pagsasanay ng aso niyang panghanting. Kilala sa tapang ang aso ni Buyung. Patahul-tahol lang ang ibang aso para palabasin ang isang baboy-damo sa pinagtataguan. Hindi ang aso ni Buyung - iyon ang madalas maunang sumalakay.

Walang nakakitang tunay na sagabal si Buyung para pakasalan si Zaitun. Kung natitiyak lang niyang iniibig siya nito. Sigurado siya sa isang bagay. Kung hindi nito nararamdaman ang nararamdaman niya rito, hindi niya ito pakakasalan, kahit magkasundo ang kaniya-kaniyang mga magulang. Alam ni Buyung na kadalasa'y pinapakasalan ng isang babae o lalaki ang sinumang pinipili para sa kanya ng kanyang magulang, pero gusto niyang siya ang pumili ng kanyang magiging asawa, at piliin din siya nito.

Naiinggit si Buyung sa iba niyang mga kaibigan, tulad ni Sutan. Bukod sa mas magaling ito sa kanya sa pencak, simpatiko pa ito at mahusay dumiskarte sa mga babae. Sa negosyo'y di rin ito pahuhuli. Mayroon itong dalawang palayan, at nagbababa ito ng damar at rattan mula sa bundok para ibenta sa palengke, at paminsan-minsa'y naglalako rin ito ng karne ng kambing at baka.

Pero ang mga taong pinakakontento, naisip ni Buyung, ay yaong tulad ni Sanip. Tunay na masayahin si Sanip. Ganado itong magpatawa at magkuwento ng mga katuwa-tuwang istorya. Nagkakandabaluktot sa pagtawa ang nakakarinig ng di mabilang na kuwento niya tungkol sa mga opisyal ng nayon. Kinaiinggitan ni Buyung ang pagkamasayahin ni Sanip, pero di niya maubos maisip kung paano ang isang tulad nito na may asawa na at apat na anak ay parang binata pang walang problema kung umasta. Di ba't nagdaragdag sa maturidad ng isang tao ang maraming responsibilidad? Sabagay, mabuti na rin kung di iyon dinidibdib.

Halimbawa, kung hirap nilang pasukin ang gubat dahil sa lakas ng ulan na nagpapadulas sa daan at bumabasa sa kanila hanggang buto, sasabihin ni Sanip, "Wala, 'yan. Pagkapawi ng ulap ay langit." Kapag nagreklamo si Sutan sa bigat ng kanyang pasan, sasabihin ni Sanip, "Huwag ka nang umungol. Isipin mo 'yong perang pagbebentahan mo n'yan."

Ibibigay ni Buyung ang lahat makatingin lang ng ganoon sa buhay.

Minsan, nang sila'y nanghahanting, gamit ang ripple ni Wak Katok, pinaputukan ni Buyung ang isang usa, pero dumaplis lang ang tama at ang hayop ay nakaalpas. Buong araw na naghahanap ang mga lalaki, pero di nila nakita ang sugatang usa. Panay ang sisi ni Buyung sa sarili, pero tulad ng inaasahan, tinanong siya ni Sanip, "Ba't mo poproblemahin 'yon? Magkakaanak ang usang iyon – mas marami kang mahahanting pagdating ng araw."

Lalong sumama ang loob ng batang mangangaso sa pang-aala ni Sanip, at paangil itong sumagot, "Pa'no mo nalaman? Posibleng nahuli 'yon ng tigre."

"E ano? Di 'yon ang katapusan ng lahat ng usa sa gubat. Ang mahalaga," pakindat na dagdag nito, "ay mahusay ka sa pagbaril."

Natanto noon ni Buyung ang pagiging mapagbigay sa kanya ni Sanip at ng iba niyang mga kaibigan.

Laging may *dangung-dangung*, parang alpa ng mga Hudyo, sa bulsa ni Sanip, at tinutugtog niya tuwina pag may pagkakataon. Maimbeto siyang musikero. Kung gusto niyang magpasaya, kakalabit lang siya ng masiglang himig. Nagagawa niyang kalimutan ng mga lalaki ang kanilang pagkain at saglit pa'y naroon na sila't nakikisali sa sayawan at kantahan. Pero minsan naririnig sa

kanya ay awit na parang nagpapaiyak sa munting musikero. Kadalasa'y tinutugtog niya ang gayong nakakapaghimutok na mga balada kapag sila'y nakaupo sa paligid ng siga sa gitna ng gubat. Si Talib ang unang sumusuko sa pang-akit ng nakakataas-balahibong musika, at nag-uumpisang kumanta. Sa pagkakataong iyo'y ilalabas naman ni Buyung ang kanyang plawta at silang tatlo'y magsasabayan sa malulungkot na berso. Taas-baba ang mga nota ng dangung-dangung, sa saliw ng mapangulilang plawta, habang paawit na inuulit ni Talib ang mga daing at paghihirap ng isang lalaking naghahanap ng karinyo at pag-unawa.

Ang maskulado at mukhang mabagsik na si Wak Katok ay di nagawang di mabagbag sa musika. Ang walang ekspresyon niyang mukha ay nagmimistulang mapangarapin, na wari'y naglalakbay ang kanyang diwa. Si Pak Haji ay mauupo roong lunod sa sariling iniisip, pipikit sa pagitan ng hinlalaki at hintuturo ay upos na lamang at limot na.

Paikot sa siga na nakaupo ang pito, ang bawat isa'y may kani-kaniyang mga alaala at pagnanasa, at sa paligid nila ay ang gubat, maitim at ga-higante.

Tahimik na lalaki si Talib, matangkad at payat at ibang-iba kay Sanip. Sa kanya, ang mundo – at ang buhay sa kabuuan – ay midilim at nakakatakot. Lagi siyang binubuwisit ng asawa. Minsan, sabi kay Buyung ni Rancak, ang batang kapatid na babae ni Zaitun, narinig nito si Siti Hasanah, ang asawa ni Talib, na walang hupang pinagagalitan ni Talib, mula umaga hanggang hapon, pero ni minsa'y hindi iyon sumagot at nagsawalang-kibo na lamang.

Magkagayunman, mahusay na magkaibigan sina Talib at Sanip at laging magkasama sa lakad. Kapag umuulan habang sila'y magkakasama sa gubat at sila'y sumisilong sa isang kubol na gawa sa dahon ng saging, si Talib ang magsasabi, "Buong araw tatagal ang lintek na ulang ito!" Sa masayahing boses, babalikan siya ng ganito ni Sanip, "S'werte lang – makapagpapahinga tayo!" Matatawa ang lahat at mapaparelaks.

Minsan, nakakalap sila ng pambihira sa daming damar at hirap na hirap sa kanilang pasan. "Anong s'werte", sabi ni Sanip, habang nagkakandakuba sa paglakad. "Doble ito sa kadalasan nating nahahakot."

"Ha, kundi maanod pagtawid natin sa ilog!" masaklap na sukli ni Talib.

Hindi pasalita si Talib, pero madilim man ang tingin nito sa bagay-bagay, ito'y matapang. Minsan, nanghahanting ang isang taganayon ng baboy-damo. Napaligiran na ito ng mga aso. Kaya nilapitan niya ito para sibatin. Pero nakailag ang baboy paghagis ng sibat, at siya ang sinibasib, di alintana ang nagtatahulang aso. Hindi nagdalawang-isip si Talib. Hawak ang sariling sibat, sinaklolohan niya ang lalaki. Ilang sandali pa, ang nasibat na baboy ay nilapa na ng mga aso.

Hanga rin si Buyung sa di-palakibong si Pak Haji. Katamtaman ang taas ng matanda, at gayong puti na lahat ng buhok nito, iyo'y malago pa. Kaya pa niyang pasanin ang bigat ng damar na kaya ng iba sa kanila, at gayong matipid siyang magsalita, nasisiyahan siyang makinig sa usapan ng iba at makisali sa kanilang tawanan. Kung talagang pipilitin, nagkukuwento siya ng tungkol sa kanyang paglalakbay sa mga gabing nakaupo sila sa tabi ng siga.

Ayon sa kanya, nang una niyang lisanin ang nayon, napilitan siyang magtrabahador, magkusinero at maging katulong sa kuwadra sa Sultan ng Johore bago siya magkaroon ng sapat na pera para makapunta sa Singapore. Naging siklista rin siya sa isang sirko. Sumama siyang magbiyahe sa sirko na pag-aari ng isang Intsik, hanggang sa Bangkok. Doo'y napilitan niyang iwan ang kanyang trabaho nang tangkain siyang saksakin, dahil sa matinding pagseselos ng asawa ng mang-aawit na Intsik. "Palagay ko'y di tama 'yon," tawa ni Pak Haji, "kaya umalis ako." Tapos, nagkusinero siya sa isang barko na naglalayag sa pagitan ng India at Japan. Napamangha ang mga magkakasama sa kanyang mga kuwento ng naglalakihang siyudad, tulad ng Shanghai at Tokyo, at ng daungang tulad ng Maynila, Penang, Rangoon, at Calcutta. Nang sa wakas ay lumunsad siya sa Calcutta, di na siya bumalik sa barko. Imbes, nagpatuloy siya sa Lahore, kung saan niya pinag-aralan ang Islam sa ilalim ng isang guro. Mula sa India , naglakbay siya sa lupa, kasama ang ilang tao, patungo sa Arabia.

"Ilang buwan kaming nasa daan", sabi ni Pak Haji. "Sa pagitan, marami akong sariling lakad na ginawa. Naging katulong ako ng isang salamangkero. Isa siyang malaking Afghana na nakakahiwa ng dila ng isang ibon at muli niya iyong nabubuo. Minsan, pagdaan namin sa isang bayan na bahagi ng kanyang pinagtatanghalan, hinamon siya ng isa ring salamangkero na gawin ang kanyang mahika sa dila ng isang bata. Ayaw niyang mabisto, kaya tinanggap niya ang hamon. Nagkaroon ng palabunutan, at ang Afghaning ito ang natokang mauna. Bago siya nag-umpisa, binulungan niya akong bumalik sa aming tulugan at balutin ang aming gamit. Nagbabalot pa lang ako'y bigla siyang sumulpot sa k'warto sinunggaban ang ilang bag at pasigaw na pinasunod ako sa kanya. Di ko alam kung ano ang nangyari pero masama ang kutob ko, kaya dinampot ko ang madadala ko at patakbong sinundan ko siya. Sa dulong likuran namin ay dinig na dinig ko ang hiyawan ng galit ng pulutong. Dagli kaming nakalabas ng s'yudad, papasok sa mabatong mga gulod na pinagtagpuan namin. Hinanap kami ng mga tao hanggang sumapit ang gabi. Pagkatapos, nang tanungin ko ang salamangkero kung ano ang nangyari, bigay-hilig itong tumawa, padukot ng pera sa kanyang bag na pambiyahe.

"Bago ako nag-umpisa, hiniling kong magbayad muna sila. Pagkalikom ko ng pera, mabilis kong hiniwa ang dila ng bata, maliit lang sa dulo nang di ito masaktan. Tapos, sabi ko'y maghintay sila habang kumukuha ako ng gamut, imbes, sa k'warto natin ako tumakbo!"

"Pero ba't ka tumakbo?" tanong ko.

"Dahil hindi ko kayang ibalik sa dati yong dila."

"Pano 'yong bata? Sinong mag-aayos ng kanyang dila?"

"Di ba may isa pang salamangkero, 'yong kalaban ko; kaya n'ya 'yon? Di subukan niya. Kung di niya 'yon magagawa, gugulpihin siya ng mga tao, at buong lakas siyang tumawa.

Wala sa kanilang nakatitiyak kung totoo nga ang mga kuwento ni Pak Haji, pero sino ang makapagsasabi?

Pagkatapos ng pilgrimahe sa Mecca, nagtripulante siya sa isang barko para makauwi. Tumigil iyon sa maraming daungan ng Aprikano at Europeo bago bumalik, sa wakas, sa Indonesia. Sinabi niyang sinubukan niyang manirahan sa ibang bansa, pero, lagi ang puso niya'y hinahatak ng nayon. May gayuma sa kanya ang gubat, at iginagalang niya ang lahat ng taong may kinalaman dito. Sinabi

niya sa mga kasama na ang mga taong nagtatrabaho sa gubat ay di naiiba sa mga tripulante ng isang barko, gayong, liban dito ay wala nang pagkakapareho ang dagat sa gubat.

"Sumisikat ang mga bituin sa langit sa ibabaw ng tubig, pero walang ingay sa gubat. Dito'y ligid tayo ng naglalakihang puno at mga ligaw na hayop – ang ila'y mainga'y, ang ila'y tahimik. Malapit tayo sa lupa. Sa barko sa gabi, naroon lamang ay ang hungkag na dilim."

Papunta sa gubat para manguha ng damar, kailangang iwan ng mga lalaki ang kanilang nayong Air Jemih, na nasa baybayin ng Danau Bantau sa bunganga sa Sungai Air Putih. Papasok sa gubat, pumirme sila sa gilid ng Air Putih, pabaybay dito hanggang marating nila ang bulubundukin. Hindi kayang suungin ng bangka ang malalim at maalimpuyong ilog dahil peligroso ang malalaki nitong bato at matuling agos. Sa maraming patag na lugar, ito ay may malalalim na lubak na puno ng isda. Sa madalas na pangisdaang parte na malapit sa nayon, bihira at maliliit ang isda, pero sa loob ng gubat, madaling makahuli nito sa pamamagitan ng bitag o lambat. Laging sa malapit na mahusay pangisdaang lubak nagkakampo ang pitong lalaki.

Makaraang umakyat-manaog buong araw sa bundok sa pangungulekta ng damar, nakakaginhawang maupo sa ibabaw ng isang malaking bato at mangisda. Ang salpok ng tubig sa batuhan, ang mahinang simoy ng hangin sa mga dahon, ang ingay ng mga unggoy na umaalingawngaw tulad ng tunog ng mga tambol - ang mga ito'y sama-samang nagbibigay ng damdamin ng pagkakuntento.

Umaabot ng isang linggong paglalakad mula sa Air Jemih hanggang sa gubat ng damar. Ang mga lalaki'y may baong bigas at sili na isinasaksak sa mga kawayang bumbong, kaunting suka, asin, kape, asukal, at palayok para pagsaingan at pagpakuluan ng tubig. Kung di sila nakapagdala ng lambat o mga bitag, nagtatayo sila ng mga kawayang panghuli ng isda sa batuhan. Paminsan-minsa'y nakakahuli sila ng mga kalapating kakahuyan na bumababa sa gilid ng ilog upang maghanap ng pagkain. Kung walang sariwang ulam, nag-iihaw sila ng daing na isda o tapa na dala rin nila mula sa nayon. Masuwerte sila at ang kaingin ni Pak Hitam ay di malayo sa gubat na pinagkukunan nila ng damar.

Matanda na si Pak Hitam, halos sisenta anyos na. Sabi ng iba'y mas mukha siyang siyento anyos. Malakas siya, at pambihira ang pagkaitim ng balat. Tulad iyon ng isang Indian. Itim na itim pa rin ang kanyang buhok at lagi siyang nakasuot ng itim na pantalon, kamisadentrong walang manggas, at turban. Walang hindi natatakot sa nakakakita sa kanya. Isa siyang itim na pangitain.

Nagkalat ang kuwentong-nayon tungkol sa mga taong birtud ni Pak Hitam. Isa siyang popular na guro ng *silat*, isang paraan ng pagtanggol sa sarili, at ng okultismo. Takot sa kanya sina Sutan, Talib, Sanip, at Buyung, pero hindi iyon ipinahahalata. May istoryang nagsasabi na kasapakat daw siya ng mga masasamang espitiru, mga diyablo, at ng mga sobrenatural na nilalang na nakakapagkatawang-hayop o tao, o *jinn*. Siya raw ay protektado ng isang tigreng may tigabulag na nakapagdadala sa kanya sa kung saan niya gusto. Ang sabi'y maraming pagkakataong inilipad siya nito sa banal na lunsod ng Mecca.

Ayon sa leyenda, hindi siya tinatablan ng kahit ano. Minsan, sa rebelyon laban sa Dutch noong 1926, pero hindi tinagusan ng kanilang bala ang kanyang katawan. Sa isa pang pagkakataon, ayon din sa istorya, hinabol daw siya ng mga sundalong Dutch at napaligiran sa isang sagingan.

Bumuo ng isang bilog ang mga sundalo, at maingat na hinigpitan ang kanilang hanay hanggang ni iskwerel ay di maaring makaaalpas sa pagitan ng kanilang mga paa. Pero bigla na lang nakita ng isa sa kanila sa Pak Hitam na nakasandal sa isang punong saging. Lumundag ang sundalo at pawasiwas sa sableng tinaga siya nito sa leeg. A, pero ang napugutan ay di si Pak Hitam kundi ang puno ng saging! Ilang oras siyang pinaghahanap ng mga sundalo, pero wala silang nakitang bakas ng kanilang mailap na kaaway.

Pagkasugpo sa pag-aalsa, matagal na walang naging balita tungkol kay Pak Hitam. Isang araw, basta na lamang siyang lumitaw na puro ari-arian. Isa na siya ngayon sa pinakamayamang lalaki sa nayon. Walang makapagsasabi kung bakit hindi dumating ang mga Dutch upang siya'y dakpin. Ipinalagay ng mga tao na iyo'y may kinalaman sa kanyang mahika.

Sari-sari ang kuwento tungkol sa kung paano siya nagkamana ng yaman. Ayon sa isa, kabilang siya sa isang grupo ng mga dating rebelde na nagtagpo sa gubat at naging mangungulimbat at tulisan. Ayon sa isa pa'y mayroon siyang lihim na minahan ng ginto na mag-isa lang niyang tinatrabaho upang walang ibang makaalam kung saan ito naroroon. Tunay na may bahid ng ginto ang buhangin ng Air Putih, at kung tag-init, kapag walang gaanong magawa ang mga taganayon, aakyat sila ng ilog para salain iyon, pero mahirap ang gayong gawain at di sigurado ang tubo. Nagkaroon ng balita na minsa'y may kung sinong nakatagpo ng isang malaking piraso ng ginto, pero walang sinumang nakakita niyon.

Apat ang naging asawa ni Pak Hitam. Ang sabi ng mga tao, sa buong buhay niya'y mahigit isang daang beses siyang nagpakasal, at sa isang dosena sa bawat pagkakataon. Nagkalat ang kanyang mga anak sa mga kalapit-nayon at ayon sa usap-usapan, di na niya mabilang, o matandaan kung sinu-sino ang mga iyon.

Pag-uwi niya minsan sa Batu Putih, pinaratangan niya ang isang kabataan sa pagkilos niyon na parang sa kanya ang bahay ng matanda, at matigas niyang sinabi, "Sino ka ba? Kung makaarte ka'y bahay ito ng tatay mo." Sagot ng bata, "Bahay nga ito ng aking ama. Ang aking ina ay si Ibu Khadijah."

Maaaring dahil sa mga ganitong bagay kung bakit mas gusto ni Pak Hitam na buwanang malayo sa kanyang nayon at tumira sa bahay niya sa Bukit Harimau sa gitna ng gubat, tatlong araw ang layo mula sa Batu Putih. Dito'y hindi niya kailangang problemahin ang mga taganayon at ang kanilang walang-tigil na panghihimasok sa kanyang buhay.

Kapag pumupunta si Pak Hitam sa kanyang bahay sa gubat lagi niyang dala ang isa sa kanyang papalit-palit na asawa. Kilalang-kilala ng kanyang mga bisita ang mga babaeng isinasama niya. Ang pinakamaganda't bata ay si Siti Rubiyah, na pinakasalan niya dalawang taon na ang naka-raraan, pero hindi pa siya nito nabibigyan ng anak. Sa mga taganayon, ang ibig sabihin niyo'y nawala na ang kanyang birtud. Sa unang taon pa lang ng kanilang kasal, ang bawat isa sa iba niyang mga asawa ay nakapanganak na. Ayon kay kay Sanip, makipagkamay lang ang isang babae, ito'y agad nabubuntis. Gayon kabagsik ang pagkabarako niyon.

Kung hindi sila dinadala sa malayo ng kanilang trabaho sa gubat, tuwina'y sinisikap ng pitong lalaking makabalik sa bahay ni Pak Hitam bago dumilim. Pero kung makakulekta sila ng maraming

damar nang may kalayuan sa kanyang huma, at matagalan kung sila'y babalik doon, sa gubat na lang sila nagpapalipas ng gabi.

Ang bahay ni Pak Hitam ay nakatukod sa matataas na poste. May malawak na beranda sa harap. Ang kusina ay nasa isang sulok nito sa may bintana. Nagtambak ng buhangin sa lapag si Pak Hitam at gumawa ng mga istanteng tabla. May dalawang kalang de-uling sa buhangin at doon nagluluto ang kanyang asawa. Nakabitin sa ibabaw ng mga kalan ang tapang usa at daing na isda, sibuyas, sili at ilang klase ng tuyong hiyerba.

Ang beranda'y nahihiwalay sa pinakabahay ng dingding na sawali. Sa likod ng dingding ay may dalawang kuwarto – ang isa'y tulugan ni Pak Hitam at ng kanyang asawa, at ripleng panghanting, bukod sa ibang bagay. Napasok na minsan ni Buyung ang kuwartong ito, nang ipakuha sa kanya ni Pak Hitam ang riple. Nakita niya roon ang dalawang malaking baul na yari sa itim na kahoy na nalilinyahan ng pampatibay ng tansong kulay berde na sa tanda. Nagtataka si Buyung kung ano ang laman ng baul, pero pareho iyong may mabibigat na kandadong bakal. Naisip niya na maaaring puno ng ginto ang mga ito tulad ng napapabalita sa nayon, pero ipinapalagay niyang isa iyong kabaliwan. Sa isang baul sa isang kaingin sa gubat nagtatago ng ginto si Pak Hitam? Napakadali iyong nakawin ng sinumang magnasa. Pero, sa kabilang dako, sino ang maglalakas-loob?

Sa sahig ng beranda laging natutulog ang mga mangunguha ng damar. Kung doon sila nagpapagabi, ipinagluluto sila ng asawa ni Pak Hitam ng kanilang kanin, tokwa, at sari-saring gulay. Nasisiyahan dito ang mga lalaki dahil madalas na naiiba sa kanila ang paghahanda ng pagkain ng babae, at ang bawat asawa ni Pak Hitam ay mahusay magluto. Dinadagdagan nito ang kanilang baon ng gulay mula sa sariling hardin.

Ang gustung-gusto nila ay ang murang ube, mais, kamote na iniihaw sa nagbabagang uling. Umagang-umaga'y makikita si Buyung o Sanip sa kusina, abala sa pag-iihaw. O kaya'y kung gabi, bago sila matulog, at habang lahat ay nag-iistoryahan, gusto nilang maupo sa paligid ng parilya habang pinagmamasdan ang pagkaing lumalagitik sa baga. Ang ganitong dibersyon, sampu ng mainit na kape, ay nagpapalipas ng panlalata at pagod ng isang araw na trabahong-kalabaw sa gubat.

Sa gabing tulad niyon, ilalabas ni Sanip ang kanyang dangung-dangung at tutugtug sa sarili niyang estilo. Minsan, nang kumanta siya ng tungkol sa isang babaeng iniwan ng asawa, napansin ni Buyung si Siti Rubiyah na tahimik na nagpapahid ng luha sa mata.

Gusto nilang lahat ang bata at kaakit-akit na si Siti Rubiyah kung hindi lang siya lokung-loko kay Zaitun, madali sanang mapaibig dito si Buyung. Pero ito'y may-asawa, at si Pak Hitam pa, sapat na iyon para pigilin ni Buyung ang pag-iisip dito, pero aminado siyang maganda ang katawan nito. Ang mga suso nito , gayong maliit, ay tayo at may hubog. Ang mukha nito, sampu ng tuwid na ilong, mamasa-masang mga labi, at bilog na nangingislap na mga mata, at itinatampok na mahabang itim na buhok na abot-baywang. Madalas pagmasdan ni Buyung ang nakalugay an buhok niyon – makapal at nangingintab – habang ito'y abala sa hardin. Kung naroon ito kapag tanghaling-tapat, ang mga pisngi nito'y namumula, kaya lalo itong nagiging kaakit-akit.

Kapag nasa gubat ang apat na kabataang lalaki, di kalapit ang matatanda, si Siti Rubiyah ang kanilang pinag-uusapan.

“Sabihin ko sa inyo, pinasukan ko sana siya kundi si Pak Hitam, ang kanyang asawa,” sabi ni Talib.

“Ako rin, pero kung siya’y dalaga pa,” dagdag ni Buyung.

“Kagabi’y napanaginipan ko s’ya,” sabi ni Sanip. “Napuna n’yo ba kung pa’no halos lumuwa sa kanyang blusa ang suso tuwing yuyuko s’ya upang hipan an gatong?”

“Kaninang umaga’y tinulungan ko s’yang magrikit,” parang tugon na sabi ni Buyung.

“Napuna n’yo ba kung pa’no siya tingnan minsan ni Pak Hitam?” makahulugang tawa ni Sanip.

“Sa edad n’ya bang iyon?” may pagkamanghang tanong ni Talib.

“Oo nga, diba napakatanda na n’ya para r’on?” Ibig malaman ni Buyung.

Natawa si Sanip.”Pakinggan n’yong magsalita itong si Buyung,” sabi niya. “Nakalimutan mo na ba ang kasabihan tungkol sa niyog? Mas marami raw langis na mapipiga sa niyog kaysa buko.” Napahiyaw sila sa pagtawa.

“Hindi bale – di kasintalas ni Wak Katok ang mga mata ni Pak Hitam,” sabad ni Sutan . “Nakita n’yo ba kung pa’no niya pagmasdan si Siti Rubiyah ‘pag wala si Pak Hitam? Hinuhubaran n’ya ito ng kanyang mga mata, higit pa r’on ang ginagawa niya sa kanyang isip, sabihin ko sa inyo, Sabagay, gusto ko ring gawin ‘yon.”

Nagpalitan sila ng makahulugang tingin.

“Bata o gurang,” sabi ni Sanip, pag nakakita ng seksing babae ang isang lalaki. Isang bagay lang ang nasa isip niya.”

“Hindi ako,” sabi ni Buyung, “Okey siyang talaga, di ako sintapang n’yo. Takot ako kay Pak Hitam.”

Natawa kay Buyung ang tatlong may-asawang lalaki.”Di ka pa binyagan at di mo pa naiintidihan. Di ka pa nakakasiping sa isang babae, kundi’y di ka magsasalita nang ganyan. Wala ka pang alam sa bagay na’to,” kampante silang nagpalitan ng tingin, pahagikgik na tawa kay Buyung na kulang pa ng karanasan.

“Hintayin mong maikama si Zaitun, tapos maiintindihan mo ang lahat,” sabi ni Sutan , patungo sa direksyon ni Buyung.

Namula si Buyung. Alam nila ang tungkol kay Zaitun. Lalong natawa ang mga lalaki nang makita ang pamumula sa mukha ng bata nilang kaibigan.

“Siguro, bago ka sumiping kay Zaitun,” sabi ni Talib,” di masamang magpraktis ka muna kay Siti Rubiyah.”

Sa gitna ng alon ng tawanan, sumabad si Sutan, “ni hindi mo kailangan ang kama.”

“Gan’on talaga,” sabi ni Sanip. “Gusto ng mtatandang lalaki ang batang asawa, at ganoon din ang matatandang babae. Ang nagpapabata sa kanila.”

“Anak ng – kahit mag-asawa ng batang babaeng tulad ni Siti Rubiyah. Nakapuna siya ng pagbabago sa kanilang kilos. Lantad masyado ang kanilang kunwa’y kawalang bahala , tuloy, ipinapakita nilang iba ang kanilang nadarama sa kanilang inaasal. Takot si Buyung na maaring napupuna iyon ni Pak Hitam.

Pero nitong nakaraang ilang buwan, kadalasa’y may sakit si Pak Hitam at napipirme sa kanyang kuwarto. Binibisita siya roon nina Pak Haji, Pak Katok, at Pak Balam, pero ang mga nakababatang lalaki ay pumapasok lang doon upang magbigay-galang at agad na lumalabas uli. Takot sila kay Pak Hitam at kailanma’y di sila mapakali sa harap nito.

Pumapayat si Pak Hitam. Lubog ang kanyang mga mata, at halos puti na lahat ang kanyang bigote’t balbas. Pero itim pa rin ang buhok, at kahit may-sakit, mukha pa rin itong mabalasik at nakakapanduro. May kung anong bagay ang angkin ng matibay na matandang lalaking ito ang nagbibigay-takot sa mga tao. Wala itong iniwan sa isang may-sakit na tigre na kahit masukol ay mabilis pa ring nakapagsasanib at nakamamatay.

Nagustuhan mo ba ang iyong binasa? Nakilala mo ba ang mga tauhan batay sa mga katangiang taglay nila? Iba-iba ang kanilang katangian ngunit lahat sila’y may malaking kinalaman kung bakit ginamitan ng ganoong pamagat ang akda.

Upang lubusan mong maunawaan ang akda, sikapin mong sagutin nang buong husay ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Huwag kang mag-alala, madali lamang ang mga ito. Makatutulong sa iyo ang pagsunod mo sa mga panutong ibibigay ko.

**3. Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pangungusap at pagkatapos ay sagutin ang mga katanungang nakapaloob dito. Letra lamang ang isulat.

1. Naratay sa banig si Pak Hitam at halos nahihirapan na siyang kumilos. Ang nangyari sa kanya ay:
   a. namanas c. napulmonya
   b. nagkasakit d. naparalisado

2. Tiyak na <u>mahuhuli ang puso</u> ng isang sumpunging babae kapag ginamitan na ng birtud ni Wak Katok na kilala bilang isang salamangkero. Ang may salungguhit ay nangangahulugang:
   a. mapaiibig c. mabibighani
   b. mapaaamo d. mapasusunod

3. “Mainit pang masyado ang dugo mo sa mga babae”, ang turan ng isa sa mga kausap ni Buyung. Sa naturang pahayag, nangangahulugang si Buyung ay masasabing may:

   a. kakulitan　　　　c. kayabangan
   b. kapusukan　　　　d. kasupladuhan

4. “Wala yan. Pagkapawi ng ulap ay langit.” Ang pahayag na ito ni Sanip ay nangangahulugan na pagkatapos ng:

   a. hirap ay ginhawa　　　　c. problema ay kasiyahan
   b. kasawian ay kaligayahan　　　　d. unos ay maaliwalas na kalangitan

5. Sa mga kalalakihang naroon sa kagubatan, kapansin-pansing si Pak Hitam lamang ang matipid kung magsalita. Samakatuwid si Pak Hitam ay:

   a. utal　　　　c. tahimik
   b. bulol　　　　d. di palakibo

Karamihan sa atin ay may mga tunguhin sa buhay o mga layunin sa lahat ng ating gagawin. May mga dahilan o sanhi kung bakit natin ginagawa ang isang bagay at kung bakit din ito nangyayari. Sa tuwing gumagawa tayo ng isang bagay o nagdidisisyong gawin ang isang bagay batay sa ating mga kadahilanan ay lagi itong may resulta o bungang kapalit, maganda man o masama ang kahinatnan ng ating mga ginawa.

Samakatuwid lahat ng ating ginagawa o gagawin ay may sanhi at bunga.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Isulat ang **S** kung ang pangungusap ay nagsasaad ng Sanhi ng mga pangyayari sa akda at **B** kung nagsasaad ng Bunga.

1. Sa loob ng gubat ay makatatagpo ng rattan, damar at maraming uri ng mahalagang kahoy.
2. May mga taong tumitira sa gubat para humanap ng ikabubuhay sa pamamagitan ng paghahakot ng mga produktong makukuha roon.
3. Si Wak Katok ay iginagalang sa kanyang galing sa pencak at pagiging mangangaso. Kailanma’y di pinagdudahan ang kanyang salita o gawa.
4. Naging pinuno ng kanilang nayon si Wak Katok at itinuturing na lider ng marami.
5. Napapalukso ang puso ni Buyung kapag nagpapakita si Zaitun ng pagiging magiliw sa kanya.

Alam mo ba kung ano ang tinatawag na nobela? Ito ay isang akdang pampanitikan na nagtataglay ng maraming ligaw na tagpo. Marami itong tauhan at nangangailangan ng

mahabang kawing ng panahon. May layunin itong manlibang bagama't di-tuwirang tinutukoy ay maaaring magbigay ng aral o mga halimbawang dapat pamarisan ng lahat.

> Binibigyang-diin sa akdang iyong binasa ang Teoryang Naturalismo kung saan, binibigyang-patunay na ang buhay ay tila isang marumi, mabangis na lungsod at walang awang kagubatan. Ipinakikita rin ng manunulat nito ang mga kasuklam-suklam na mga pangyayari.

Ang paliwanag na iyong nabasa ay may kaugnayan sa susunod na gawaing inihanda ko para sa iyo. Isaalang-alang mo ang iyong mga natutuhan. Maaari ka nang magsimula.

**c. Pagsusuring Pampanitikan:**

Panuto: Lagyan mo ng ✓ (tsek) ang lahat ng bilang ng mga pangyayari sa akda na nagbibigay-diin sa Teoryang Naturalismo at ✗ (ekis) kung hindi.

1. Pagiging salamangkero ni Wak Katok kung kaya nagagawa niyang makipag-ugnayan sa mga multo at masasamang espiritu.
2. Pinaniwala ng Afghaning salamangkero ang mga tao na kaya niyang ibalik ang hiniwang dila ng bata at matapos makuha ang pera ng mga manonood ay tumakas sapagkat di-pala n'ya maibabalik sa dating anyo ng dila ng bata.
3. Paghanga ni Buyung kay Zaitun na anak ng kanilang pinuno.
4. Paghuli at pagpatay ng grupo nila Buyung sa mga hayop sa kagubatan tulad ng usa at baboy-ramo upang makain.
5. Pagkakaroon ni Pak Hitam ng apat na asawa at mahigit isandaang beses niyang pagpapakasal kung kaya't nagkalat ang kanyang mga anak na di mabilang o matandaan kung sinu-sino ang mga iyon.

**d. Halagang Pangkatauhan**

Panuto: Lagyan ng kahon ☐ ang mga bilang na nagsasaad ng pangangalaga at pagmamalasakit sa kalikasan.

1. Pagtatatag ng batas na matigil ang huma o pagkakaingin.
2. Pangunguha ng mahahalagang kahoy sa kagubatan upang gawing negosyo.
3. Pangangalaga sa mga 'endangered species' sa loob ng kagubatan.
4. Ang mga pinutol na puno sa kagubatan ay kailangang palitan sa pamamagitan ng pagtatanim o 'reforestation'.
5. Pagtatayo ng mga bahay sa kagubatan at kabundukan.

Nasiyahan ka ba o nahirapan sa mga gawain? Maaari mo nang iwasto ang iyong mga kasagutan. Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro.

4. **Palalimin mo…**

Panuto: Isa-isahin ang mga positibo, kawili-wili at negatibong kaisipan na binibigyang-diin sa akda. Isulat sa loob ng dayagram ang bilang ng kaisipan.

| Positibo | Kawili-wili | Negatibo |
|---|---|---|
| | | |

1. Pagiging masigasig sa pagtatrabaho ng mga nangunguha ng damar sa kabila ng mahirap at mapanganib na gawain.
2. Panloloko sa kapwa na ipinamalas ng Afghani.
3. Nakaaaliw na mga kwento ni Sanip sa mga kasamahan.
4. Pagkakaroon ng malakas na pangangatawan sanhi ng kasanayan sa mabibigat na gawain.
5. Pagkakaingin sa kagubatan.
6. Mga kwento tungkol sa birtud at salamangka.
7. Pagrespeto ng mga kalalakihan sa itinuturing nilang pinuno.

Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.


5. **Gamitin mo…**

Panuto: Piliin ang letra ng simbolong tumutugon sa isinasaad ng bawat pahayag.

1. Pangangalagaan ang sarili at iiwasan ang mga delikadong gawain.
2. Mahalin lahat ng kalikasan at kapaligiran.
3. Iwasan ang manloko ng kapwa-tao.
4. Harapin ang mga pagsubok at hamon ng buhay sa wasto at tamang paraan.
5. Pahalagahan ang buhay ng lahat ng nilikha sa mundong ibabaw.

a. 

b. 

c. 

d. 


e. 

Muli mong iwasto ang iyong ginawa. Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Sa pagkakataong ito ay naghanda ako ng isang gawain sa pagsulat. Tiyak na magugustuhan mo ang paksa.

6. **Sulatin mo…**

Panuto: Suriin ang larawan at ang kaugnayan nito sa mga tauhan sa akda. Pagkatapos ay bumuo ng isang talatang nagsasalaysay sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga pahayag sa ibaba.




- Lahat sila ay masasabing taglay ang ugali ng isang tigre, mabangis, matapang at animo'y hari ng kagubatan.
- Ang nobela ay pinamagatang Tigre! Tigre!
- Inilahad kasi rito ang maruming paraan ng pamumuhay, gawi at katangian ng mga tauhan.

7. **Lagumin mo…**

Panuto: Bilugan ang bilang ng mga pangungusap na tumutugon sa mga natutuhan mo sa aralin.

1. kahulugan ng mga salitang may tagong kahulugan
2. sanhi at bunga ng mga pangyayari
3. bisang hatid ng akda sa sarili
4. pagpapahalaga sa kalikasan at kapaligiran
5. istilo ng may-akda sa pagsulat
6. kahulugan ng nobela
7. ideya sa Teoryang Naturalismo
8. talambuhay ng may-akda
9. kahulugan ng mga salitang Indones
10. kasaysayan ng Indonesia

Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang maitsek ang iyong mga kasagutan.

Ang susunod na gawain ay inihanda ko upang lubusan mong masukat kung hangggang saan ang iyong natutuhan.

Maaari mo nang simulan.

8. **Subukin mo…**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap at pagkatapos ay piliin ang letra ng pinakaangkop na sagot.

1. Limang taon siyang nagtrabaho sa barko sa daungan ng mga puti. Sino ang tinutukoy na mga puti sa pangungusap na ito.
   a. mistiso c. anak-araw
   b. amerikano d. mayayaman

2. Nagkakandabaluktot sa pagtawa ang nakikinig ng di-mabilang na kwento ni Sanip. Ang kahulugan ng may salungguhit ay:
   a. sobra c. marami
   b. kaunti d. kapani-paniwala

3. "Uhugin ka pa kung kaya't di pa dapat matutuhan ang tungkol sa birtud", ang pahayag ni Wak Katok kay Buyung. Ipinalalagay ni Wak Katok na si Buyung ay:
   a. inosente c. sakitin
   b. musmos d. laging sinisipon

4. Sisenta anyos na si Pak Haji ngunit malakas pa rin at matibay pa ang kanyang katawan. Ito'y sanhi ng kanyang:
   a. pagiging binata c. pag-aaral ng Koran
   b. pangingibang bayan d. kasanayan sa mabibigat na trabaho

5. Magaling magpatawa si Sanip kapag siya'y nagkukuwento kung kaya't kinaiinggitan siya ni Buyung at ng iba pang kasamahan. Ang bahagi ng pangungusap na nagsasaad ng sanhi ng pangyayari ay:
   a. kinaiingitan c. magaling magpatawa
   b. kapag nagkukuwento d. iba pang kasamahan

6. Alin naman sa mga pagpipilian sa ikalimang pangungusap ang nagsasaad ng bunga ng mga pangyayari?
   a. kinaiinggitan c. magaling magpatawa
   b.kapag nagkukuwento d. iba pang kasamahan

7. Nagmalasakit si Pak Hitam na patuluyin sa bahay nito sa kagubatan ang mga may-asawa nang kalalakihan ngunit sa kabila nito'y lihim na pinagnanasahan ng mga ito ang kanyang asawa. Ang ipinakitang pag-uugali ng mga kalalakihan ay:
   a. masama c. maharot

b. mabangis d. mapag-imbot

8. Ang pangungusap sa itaas ay halimbawa ng Teoryang Naturalismo sapagkat higit na binibigyang-diin na ang buhay ay tila isang kagubatang:
   a. marumi c. mahamog
   b. mausok d. mapanglaw

9. Ang uri ng kalikasan sa akdang binasa na dapat pahalagahan at alagaan ay:
   a. karagatan c. kapatagan
   b. kagubatan d. kakahuyan

10. Mahalin, alagaan at pahalagahan ang ating kalikasan, ito'y puhunan natin sa magandang kinabukasan. Ang pahayag ay isang:
   a. kasabihan c. agarang kongklusyon
   b. katotohanan d. mapamahiing paniniwala

Iwasto mong muli ang iyong mga kasagutan. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Kumusta ang iyong iskor? Kung 7 pataas ang iyong nakuha, nangangahulugan lamang na lubusan mong naunawaan ang aralin at maaari ka nang pumunta sa susunod na aralin ngunit kung 6 pababa, kailangan mo munang sagutan ang kasunod na gawain. Kayang-kaya mo ito sapagkat kaugnay pa rin ito ng ating aralin. Maaari mo nang simulan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| yaman | ito | bayan | mahalin | ang |
| ng | ating | kalikasan | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| kalikasa'y | sakuna | baya'y | kung | sa'ting |
| maiiwasan | ating | aalagaan | | |

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at itsek ang iyong kasagutan.

Maaari ka na ngayong pumunta sa susunod na aralin.

# *ARALIN 2: Tatsulok na Daigdig*

## ***Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?***

Inaasahang iyong matatamo ang sumusunod na kasanayan matapos mapag-aralan ang modyul na ito:

1. Natutukoy ang iba't ibang uri ng tayutay na ginamit sa akda

2. Nailalarawan ang kagandahan ng kalikasan at ang ibinunga nito sa pangunahing tauhan

3. Nailalarawan ang bisa ng pagkakagamit ng kalikasan at kapaligiran batay sa teoryang romantesismo

4. Napatutunayang mahalaga ang pagmamahal sa kalikasan at kapaligiran

5. Nakabubuo ng talata na binubuo ng mga kaisipan kaugnay sa akdang binasa

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

1. **Alamin mo…**
   Panuto: Hanapin at tukuyin ang limang uri ng kalikasang makikita sa larawan.



1. __________ 2. __________ 3. __________
4. __________ 5. __________

Natukoy mo bang lahat ang limang uri ng kalikasang nakapaloob sa larawan? Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at itsek ang iyong gawain at pagkatapos ay ihanda mo ang iyong sarili sa kasunod na gawain.

2. **Basahin mo…**

Sinisiguro kong magugustuhan mo rin ang pangalawang akdang iyong babasahin sapagkat may kaugnayan din ito sa unang aralin na ating tinalakay. Isa itong nobelang Hapones na isinalin sa wikang Filipino.

Maupo ka nang maayos at simulan mo na ang pagbasa.

# TATSULOK NA DAIGDIG
Ni Natsumi Soseki
Salin ni Aurora E. Batnag

Paakyat sa landas ng bundok, nakapag-isip-isip ako.

Kapag laging utak ang pinapangibabaw mo, magiging malupit ka, sumagwan ka sa ilog ng emosyon at matatangay ka ng agos. Palayain mo naman ang iyong mga hangarin at di ka mapakali sa iyong pagkakakulong. Hindi kasiya-siyang mamuhay rito, sa daigdig na ito.

Habang lumulubha ang pagkayamot,ibig mong tumakas kung saan higit na magaan ang buhay. Pagdating lang sa puntong una mong napag-isip-isip na sadyang mahirap mabuhay kahit malayo na ang narating mo, saka isinisilang ang isang tula, o nalilikha ang isang larawan.

Ang mundong ito ay di likha ng Diyos o ng demonyo kundi ng mga karaniwang tao sa ating paligid; yaong mga nakatira sa tapat o sa kapitbahay, na tinatangay ng pang-araw-araw na agos ng pamumuhay. Maaaring napakahirap mabuhay sa mundong ito na nilikha ng mga karaniwang tao pero may iba pa bang mapupuntahan? Kung mayroon man,tiyak iyon ay isang lupaing "di-pantao", at anong malay natin,baka mas kasumpa-sumpa pa ang mundong iyon kaysa rito?

Hindi tayo makatatakas sa daigdig na ito. Samakatuwid, sa hirap ng buhay, wala kang magagawa kung di magpakaginhawa sa taghirap, bagamat maikling panahon lamang ang kaya mong tiisin, upang kahit papaano'y makaya mo ang iyong maikling buhay. Sa puntong ito nagsisimula ang bokasyon ng isang alagad ng sining at dito rin itinatalaga ng langit ang gawain ng isang pintor. Pasalamatan mo ang langit dahil sa mga tao na sa iba't ibang paraan ng kanilang sining, ay naghahatid ng katiwasayan sa mundo at nagpapataba ng mga puso.

Alin sa mundo ang lahat ng alalahanin at problemang nagpapabigat sa buhay sa halip ay ilarawan ang isang daigdig na punung-puno ng biyaya at pagmamahal. Magkakaroon ka ng musika, ng isang larawan, o tula, o iskultura. Hindi lang ito, idaragdag ko pang hindi kailangang magkatotoo ang pananaw na ito. Sapat nang ilarawan sa isip at magkakabuhay ang tula, magkakahimig ang awit. Bago mo pa man isulat ang iyong inisip, mararamdaman mong parang napupuno ang iyong dibdib ng kristal na taginting ng mga kampanilya; at kusang magliliwanag sa iyong mga mata ang lahat ng maningning na kulay, kahit di nagagalaw sa kabalyete ang iyong kanbas na di pa nahahaguran ng pintura. Sapat nang magkaroon ka ng ganitong pananaw sa buhay at ang marumi't bulgar na mundong ito ay magiging malinis at maganda sa mga mata ng iyong kaluluwa. Maging ang makata na wala pang naisusulat kahit isang taludtod, o ang pintor na walang pintura at wala pang naipipinta kahit isang bahagi ng kanbas, ay makatatagpo ng kaligtasan, at makaaangat sa mga makamundong hangarin at damdamin. Kailanma't ibig, mapapasok nila ang isang daigdig ng dalisay na kalinisan, at kapag naitapon ang pagkakasakim at pagkamakasarili, ay makapagbubuo ng walang katulad at di mapantayang daigdig. Sa lahat ng ito, higit pa silang maligaya kaysa sa mayayaman at tanyag; kaysa

sa sino mang panginoon o prinsipeng nabuhay sa mundong ito; tunay na mas maligaya kaysa sa lahat ng nagtatamasa ng pagmamahal sa bulgar na mundong ito.

Pagkaraang mabuhay nang dalawampung taon, napag-isip-isip kong karapat-dapat mamuhay sa mundong ito. Sa edad na beinte-singko, naunawaan ko na tulad ng liwanag at dilim na magkabilang tabi ng iisang bagay, saan man may liwanag ng araw, tiyak na may anino. Ngayon, sa edad na treinta, ganito ang nasasaisip ko: sa kailaliman ng kaligayahan, naroroon ang kalungkutan; at kung lalo kang maligaya, lalo ring matindi ang sakit. Subukin mong ihiwalay sa lungkot ang tuwa at mawawalan ka ng kapit sa buhay. Itabi mo ang mga ito sa isang sulok at guguho ang mundo. Mahalaga ang pera, pero kapag naipon, di ba nagiging problema lamang ito na bumabagabag hanggang sa pagtulog? Ang pag-ibig na nakatutuwa pero kapag nagkapatung-patong ang mga kagalakang ito hahanap-hanapin mo ang mga araw noong di mo pa kilala ang tuwa. Ang mga balikat ng estado, ang Gabinete, ang nagsusuporta ng mga pasanin para sa milyun-milyon, ang mga paa nito; at pabigat sa kanila ang mga sagutin ng gobyerno. Iwasan mong kumain ng napakasarap na bagay, at pakiramdam mo'y may nakaligtaan ka. Kaunti lamang ang kainin mo at pagtindig mo sa mesa, mararamdaman mong gusto mo pang kumain. Kumain ka nang napakarami at pagkaraan ay sasama ang pakiramdam mo.

Sa bahaging ito ng paglalakbay ng aking isip, napatapak ang aking kanang paa sa isang matulis na bato at nadulas ako. Tuluyan na akong bumagsak matapos kong bawiin ang kaliwang paa na bigla kong naisipa sa pagtatangkang mabalanse ang katawan ko. Mabuti na lamang at napaupo ako sa isang malaking bato na may lapad na tatlong piye, kaya ang nangyari lamang ay nakalog ang kahon ng pintura na nakasukbit sa aking balikat. Swerte na lamang at walang nasira.

Nang tumayo ako at tumingin sa paligid, napansin ko sa dakong kaliwa ng landas ang isang namumukod na tuktok na korteng baliktad na balde. Nababalutan ito mula ibaba hanggang itaas ng makapal na berdeng puno, na di ko makilala kung *cryptomeria* o sipres.

Sumasalit sa mga dahon ang ilang kumpol ng ligaw na cherry na kulay maputlang pula at dahil sa napakakapal na ulap sa ibabaw tila naglanguyan at naghalo ang mga kulay at imposibleng makita nang malinaw ang mga puwang sa pagitan ng mga puno at sanga. Nasa di kalayuan ang isang kalbong bundok. Namumukod ito sa paligid at parang abot-kamay lamang ang layo. Parang pinalakol ng isang higante ang walang kapunu-punong gilid nito at napakatarik ng batuhang mukha na diretsong pababa sa kapatagang nasa kailaliman. Sa tingin ko'y pulang pino ang nag-iisang punong iyong nasa tuktok. Kitang-kita maging ang mga piraso ng langit na masisilip sa pagitan ng mga sanga. May dalawampung yarda sa dako pa roon, biglang naputol ang landas, pero pagtingala ko, may nakita akong isang pigurang nakabalot ng pulang kumot na pababa sa gilid ng bundok, at naitanong ko sa aking sarili, makarating kaya ako roon kung aakyat ako. Terible ang daang ito.

Kung lupa lamang ito, hindi sana ganito katagal lakarin, pero may nakabaong malalaking bato sa daan. Mapapantay mo ang lupa, pero nakausli pa rin ang mga bato. Mapagpipira-piraso mo ang maliliit na bato, pero hindi ang malalaki. Hindi mo maaalis ang mga batong iyon. Ang mga bato ay parang nangungutya at tiwalang-tiwala sa sarili na nakapwestong di masusupil sa tambak ng di patag na lupa. Wala yatang daan dito na di mo muna paghihirapan. Kung gayon, dahil ayaw magparaan ng ating kalabang di mapagbigay, kailangang umakyat tayo o kaya'y ikutan ito.

Hindi pa rin madaling lakarin ang lugar na ito kahit hindi ito mabato. Mataas ang magkabilang tabi at may hukay sa gitna ng landas. Ang hukay na ito ay mailalarawan sa pamamagitan ng heometriya. Tatsulok ito na ang lapad ay may anim na piye, na ang mga gilid ay nagtatagpo sa isang matulis na anggulo, na nasa gitna ng landas. Para kang naglalakad sa ilalim ng ilog sa halip nasa isang landas. Dahil sa simula pa'y di ko na inisip na magmadali, magdahan-dahan lang ako sa paglakad at haharapin ang di mabilang na paliku-liko kapag nanduon na.

Sa ibaba ng aking kinatatayuan, biglang umawit ang isang pipit. Ngunit kahit gaano ko pa man titigan ang kapatagan, talagang ni anino ng ibon ay di ko makita; ni hindi ko malaman kung saan ito naroroon. Malinaw kong naririnig ang tinig nito, pero hanggang doon lamang. Dahil malakas at walang tigil ang pag-awit ng ibon, pakiramdam ko'y masiglang nagpaparoo't parito ang hangin para matakasan ang nakaiinis na kagat ng libu-libong pulgas. Talagang hindi tumigil ang ibong iyon kahit saglit. Para bang hindi ito masisiyahan hangga't hindi nakaaawit nang husto araw at gabi sa buong nakasisiyang tagsibol; at hindi lamang umawit kundi patuloy na lumipad magpakailanman. Walang dudang doon na mamamatay ang pipit sa itaas ng ulap. Maaring sa pinakaitaas ng kanyang paglipad, mararating ng pipit ang lumulutang na ulap at doo'y lubusang maglalaho hanggang sa tanging boses na lamang ang maiiwan, na ikinukubli ng hangin.

Biglang lumiko ang landas sa isang nakausling kanto ng bato. Ang isang bulag ay maaring magtuluy-tuloy hanggang sa bingit, pero naiwasan ko ang peligro at nakuha kong kumanan. Sa ibaba, natanaw ko ang mga rape-blossom na parang alpombrang nakalatag sa kapatagan. Mapapadpad kaya roon ang isang pipit? – Hindi. Siguro, naisip ko, lilipad ito mula sa mga ginintuang bukirin. Pagkaraa'y inilarawan ko sa isip ang dalawang pipit, ang isa'y pasisid habang ang isa nama'y paitaas, nagkasalubong sa paglipad. Sa wakas ay naisip kong pasisid man o paitaas o magkasalubong man sa paglipad, malamang magpapatuloy pa rin ang masiglang pag-awit ng pipit.

Sa tagsibol, inaantok ang lahat. Nalilimutan ng pusa na manghuli ng daga, at nalilimutan ng tao ang kanilang mga utang. Kung minsan, pati kaluluwa'y nalilimutan nila at sila'y nagmimistulang tuliro. Ngunit nang tanawin ko ang dagat na iyon ng mga rape-blossom, waring natauhan ako. At nang marinig ko ang awit ng pipit, naglaho ang ulap at muli kong natagpuan ang aking kaluluwa. Hindi lamang lalamunan ang umaawit sa pipit, kundi ang kabuuan nito. Sa lahat ng nilalang na maaaring magsatinig sa mga gawain ng kaluluwa, walang sinlakas at buhay na buhay na gaya ng pipit. Tunay itong kaligayahan. Kung nasasaisip mo ito at maaabot mo ang ganitong antas ng kaligayahan, iyon ay tula.

Biglang pumasok sa isip ko ang tula ni Shelley tungkol sa pipit. Tinangka kong bigkasin, pero dadalawa o tatlong saknong lang ang naaalala ko. Narito ang ilang taludtod:

Lumilingon at tumatanaw
Hinahangad ang wala sa kamay:
May halong pait
Ang pinakamatapat mang halakhak,
Pinakamatamis ang awit tungkol
Sa pinakamatinding sakit.

Gaano man kaligaya ang makata, hindi niya maibubuhos sa awit ang kanyang galak tulad ng malaya at walang pakialam na taos-pusong pag-awit ng pipit. Madalas gamitin sa Kanluraning panulaan, at makikita rin sa panulaang Tsino, ang pariralang "di mabilang na bushel ng kalungkutan." Marahil, bushel ang ginagamit sa pagsukat sa lungkot ng makata, samantalang sa kariniwang tao ay ni hindi pa makapupuno ng *pint* man lamang. Marahil, ngayong napag-isip-isip ko, dahil mas mapag-alala ang makata kaysa sa karaniwang tao, mas matalas ang kanyang pakiramdam. Totoong may mga sandaling nakadarama siya ng di masukat na tuwa, pero mas madalas din naman siyang nakadama ng di masukat na lungkot. Dahil dito, dapat munang isaalang-alang na mabuti bago ka magpasiyang maging makata.

Dito, pantay-pantay ang landas nang may ilang hakbang. Nasa kanan ang burol na natatakpan ng mga palumpong, at sa kaliwa naman, hanggang sa maaabot ng tanaw ay puro rape-blossom. Sa magkabila, nakatapak ako ng mga *dandelion,* na may mga dahong parang ngipin ng lagari na nakatayong nagmamalaki upang ipagtanggol ang ginintuang lobo sa gitna. Nakapanghihinayang dahil sa katatanaw ko sa mga rape-blossom ay natapakan ko ang mga dandelion. Pero paglingon ko, nakita kong di nagalaw ang mga ginintuang lobo sa pagitan ng mga nagsasanggalang na dahon. Kaylayang buhay! Binalikan kong muli ang aking iniisip.

Siguro, hindi mawawala sa makata ang kalungkutan, pero nang marinig kong umaawit ang pipit, ni katiting na sakit o lungkot ay wala akong naramdaman; at pagtingin ko sa mga rape-blossom, ang tanging alam ko'y lumulukso at sumasayaw ang aking puso. Gayon din ang nadama ko nang makita ang dandelion at ang namumukadkad na cherry, na ngayo'y nawala na sa aking paningin. Doon sa kabundukan, malapit sa kagalakang hatid ng kalikasan, lahat ng makikita mo at maririnig ay nakasisiya. Ito'y galak na di mababawasan ng alinmang hirap. Posibleng manakit ang mga binti mo, o maaring sabihin mong wala kang makaing masarap, pero iyon lang, at wala nang iba.

Bakit kaya ganito? Siguro, dahil pagtingin mo sa tanawin para bang nakatingin ka sa isang larawang binuksan para sa iyo, o kaya'y nagbabasa ka ng tula sa isang iskul. Sarili mo ang buong paligid, pero dahil iyo'y gaya ng larawan o tula, hindi mo naiisipang paunlarin ito, o magkapera sa pamamagitan ng pagtatayo ng riles mula sa siyudad. Wala kang inaalalang anuman sapagkat tanggap mo ang katotohanang walang magagawa ang tanawing ito para busugin ka o kaya'y dagdagan ng kahit kusing ang iyong suweldo, kaya kuntento ka nang pagmasdan na lamang ito. Ito ang malaking pang-akit ng Kalikasan na sa isang kisap-mata, madidisiplina nito ang puso at isip, maisasantbi ang lahat ng paghamak, at ihahatid ang mga ito sa dalisay at walang dungis na daigdig na tula.

Sa obhetibong pananaw, masasabing maganda ang pagmamahal ng isang lalaki sa kanyang asawa o sa kanyang mga magulang, at mainam maging tapat at makabayan. Ngunit kapag kasangkot ka na sa mga ito, bubulagin ka ng marahas na agos ng mga kontra at kampi, mga bentaha at disbentaha, at di mo na makikita ang ganda at kinang, at tuluyan nang maglalaho ang tula.

Para mapahalagahan ang tula, kailangang lumagay ka sa lugar ng miron na dahil puwedeng lumayo, ay makikita ang tunay na nangyayari. Sa puwestong ito lamang magiging nakasisiya ang isang nobela o dula dahil malaya ka sa mga personal na interes. Makata lamang habang nanonood o nagbabasa, at di ka pa aktuwal na kasangkot.

Pagkasabi nito, dapat kong amining karamihan ng mga dula at nobela ay puno ng pagdurusa, at pagluha, kaya kahit miron lamang ay di maaaring di masangkot sa emosyon. Matatagpuan na lamang

niya, na sa isang punto ay karamay na siya, at nagdurusa rin, naiinis, nagiging palaaway, at umiiyak. Sa ganitong pagkakataon, ang tanging bentaha sa kanyang puwesto ay ang pagyayaring hindi siya apektado ng ano mang damdamin ng kasakiman o paghahangad ng personal na ganansiya. Ngunit ang kawalan niya ng interes ay nangangahulugang ang ibang mga damdamin niya'y higit pang matindi sa karaniwan. Kaysaklap naman!

Sa loob ng mahigit na tatlumpong taon ng pamumuhay sa daigdig na ito, labis na ang nararanasan kong pagdurusa, galit, paglaban, at kalungkutan na di napapawi; at talagang napakahirap kung paulit-ulit na matatambakan ng pampagising sa mga emosyong ito kapag nagpupunta ako sa teatro, o kapag nagbabasa ako ng mga nobela. Ibig ko ng tulang naiiba sa karaniwan, at nag-aangat sa akin, kahit pansamantala, mula sa alikabok at dumi ng pang-araw-araw na buhay; hindi yaong nagpapatindi nang higit sa karaniwan sa aking damdamin. Walang duda, gaano man kadakila, na walang emosyon at iilang nobela ang tiwalag sa konsepto ng tama at mali. Tatak na ng nakararaming mandudula at nobelista ang kawalang kakayahang humakbang palabas sa makamundong ito. Ang mga kalikasang pantao ang sentro ng paksa ng mga Kanluraning makata sa partikular kaya di nila pinapansin ang daigdig ng dalisay na panulaan. Dahil dito, pagdating sa dulo ay mapapahinto sila dahil hindi nila alam kung may matatagpuan pa sa dako pa roon. Kuntento na silang talakayin ang karaniwang itinitindang simpatiya, pag- ibig, katarungan, at kalayaan, na pawang matatagpuan sa pansamantalang palengke na tinatawag nating buhay. Maging ang pinakamatulin sa mga ito ay abalang-abala sa pang-araw-araw na gawain, kaya ni hindi na nagkakapanahong kalimutan ang susunod na pagbabayaran. Hindi kataka-takang nakahinga nang maluwag si Shelley nang marinig niya ang awit ng pipit.

Mabuti na lamang at paminsan- minsan, ang mga makatang Silanganin ay nagkakaroon ng sapat na pagkaunawa upang makapasok sa daigdig ng dalisay na panulaan.

*Sa ilalim ng halamang-bakod*
*Sa Silangan pumili ako ng krisantemo,*
*At naglakbay ang aking paningin sa mga*
*Burol sa Timog.*

Dadalawang taludtod, ngunit kapag nabasa mo ang mga ito, lubos mong mamamalayan kung papaanong ganap na nagtagumpay ang makata na makalaya sa mapaniil na mundong ito. Hindi ito tungkol sa babaeng nakasilip sa kabilang bakod; o sa mahal na kaibigang nakatira sa kabilang burol. Ang makata ay nasa ibabaw ng lahat ng ito. Sapagkat natanggal na niya ang lahat ng alalahanin tungkol sa bentaha at disbentaha, tubo at pagkalugi, natamo na niya ang dalisay na takbo ng isip.

*Nag-iisa, sa gitna ng kawayanan*
*Kinalabit ko ang kuwerdas;*
*At mula sa aking alpa*
*Pumailanlang ang nota.*
*Sa madilim at di dinadaanang landas*
*Tumatanglaw ang buwan sa pagitan ng mga dahon.*

Sa pagitan ng iilang maikling linyang ito, isang buo at bagong mundo ang malilikha. Ang pagpasok sa mundong ito ay di tulad ng pagpasok sa mundo sa mga popular na nobelang gaya ng Hototogisu at Konjiki Yasha. Para itong pagtulog nang mahimbing at pagtakas sa nakapapagod na mga bapor, tren, karapatan, tungkulin, moral, at kagandahang- asal.

Ang uring ito ng tula, na hiwalay sa mundo at sa mga problema nito, ay sing-halaga ng pagtulog upang matagalan natin ang bilis ng pamumuhay sa ikadalawampung dantaon. Gayon man, sa kasamaang palad, lahat ng makabagong makata, kabilang na ang kanilang mga mambabasa, ay labis na nabighani sa mga Kanluraning  manunulat kaya hindi makuhang maglakbay sa lupain ng dalisay na tula. Hindi ko talagang propesyon ang pagtula, kaya hindi ko intensiyong mangaral tungkol sa makabagong panulaan, upang mapagbagong-loob ang iba na sumunod sa uri ng pamumuhay nina Wang Wei at Tao Yuan-Ming. Sapat nang sabihing sa aking opinyon, ang inspirasyong natatamo sa kanilang mga akda ay higit pang mabisang panlaban sa mga problema ng makabagong pamumuhay kaysa sa panonood ng sine o pagdalo sa mga sayawan. Bukod dito, para sa akin, ay higit na kasiya-siya ang ganitong uri ng tula kaysa sa Faust o Hamlet. Ito ang tanging dahilan kung bakit pagdating ng tagsibol, mag-isa kong nilalakad ang landas sa bundok, sukbit sa balikat ang aking tripod at kahon ng pintura. Hinahanap-hanap kong makuha mula sa Kalikasan mismo ang kahit na bahagyang atmospera ng daigdig nina Yuan-Ming at Wang Wei; at kahit pansamantala lamang, naglalakad-lakad ako sa lupaing lubusang hiwalay sa mga pandama at emosyon. Ito'y isang kakatwang ugali ko.

Mangyari pa, tao lamang ako. Kaya gaano man kahalaga sa amin ang ganitong napakasarap na pagkatiwalag sa mundo, may hanggan kung saan ako makapag-iisa sa isang panahon. Hindi ako naniniwalang maging si Tao Yuan-Ming ay walang tigil na pinagmasdan ang mga Katimugang burol sa loob ng ilang taon. Ni hindi ko mailarawan sa isip si Wang Wei na natutulog sa kanyang pinakamamahal na kawayanan nang walang kulambo. Malamang, ipinagbibili ni Tao sa isang magbubulaklak ang lahat ng krisantemong di na niya kailangan, samantalang naunahan naman ni Wang ang gobyerno sa pagbebenta ng labong sa lokal na pamilihan. Iyan ang uri ng pagkatao ko. Gaano man ako naakit sa pipit at sa mga rape-blossom, mortal pa rin ako at di nagnanais magkamping sa gitna ng kabundukan.

May makikilala ka kahit sa isang lugar na tulad nito; sa isang matandang lalaki na nakapaloob sa likod ang kimono at may bandang nakabuhol sa baba; isang kabataang babaeng nakapaldang pula; kung minsan, may makakasalubong ka pang kabayo na ang mukha ay higit na mahaba kaysa sa tao. May bahid pa rin ng amoy ng mga tao ang hangin kahit dito sa taas na ilang daang piye mula sa kapatagan ng dagat. Hindi yata tamang sabihing "may bahid ", dahil inaakyat ko ang bundok na ito sa pag-asang makapagpalipas ng gabi sa isang otel sa mga mainit na bukal na Nakoi.

Depende sa kinaroroonan mo, ang isang bagay ay maaring magmukhang ibang-iba. Minsan, sinabi ni Leonardo da Vinci sa isang estudyante: " Pakinggan mo ang tunog ng kampanang iyon. Iisa lang ang kampana, pero maririnig mo ito sa napakaraming paraan."

Dahil sa subhetibo ang paghuhusga natin, maaring magkaiba-iba ang mga opinyon tungkol sa iisang tao, lalaki man o babae. Sa ano't ano man, dahil ang layunin ko sa paglalakbay na ito ay pagtagumpayan ang emosyon, at masdan ang mga bagay-bagay nang walang damdamin tiyak na iba na ang tingin ko sa mga tao ngayon kaysa noong namumuhay pa ako sa piling nila sa isang masikip na klayenon sa magulo at isinumpang siyudad - ang daigdig ng tao. Di man ako maging ganap na

obhetibo, kahit papaano, ang damdamin ko'y di dapat maging mas matindi pa kaysa kung ako'y nanonood ng dulang Noh. Kung minsan, maging ang Noh ay nagiging sentimental. Papaano makatitiyak na hindi ka paluluhain ng Shickikiochi o Sumidagawa? Gayon man, tunay na emosyon ang treinta porsiyento ng Noh, at teknik naman ang natitirang sitenta porsiyento nito. Ang husay at pang-akit ng Noh ay hindi dahil mahusay nitong ipinamamalas ang emosyon at ugnayang pantao na parang tunay na buhay kundi dahil humahango ito ng mga pangyayaring pangkaraniwan saka ito dinadamitan ng patung-patong na sining, upang makalikha ng mabagal at halos nakaaantok na modelo ng kaasalan, na di makikita sa tunay na buhay.

Ano kaya ang mangyayari, kung habang isinasagawa ko ang maikling paglalakbay na ito, ay ituturing kong bahagi ng dulang Noh ang mga pangyayari, at ang mga taong nakikilala ko ay mga aktor. Dahil tula ang pangunahing layunin ng paglalakbay na ito, ibig kong samantalahin na ang pagkakataon ng pagiging malapit sa kapaligirang Noh sa pamamagitan ng pagtitimpi sa aking mga emosyon hangga't maari, bagamat alam kong hindi ko lubusang maisasantabi ang mga iyon. Ang "Katimugang mga Burol" at mga "Kawayanan", ang pipit at mga rape-blossom ay may taglay na sariling karakter, na ibang-iba sa sangkatauhan. Gayon man, hangga't maari, ibig kong pagmasdan ang mga tao mula sa punto de bista ng dalisay na mundo ng tula. Kay Bassho, kahit ang kabayong umiihi sa tabi ng kanyang unan ay eleganteng paksa ng Hokku. Mula ngayon, ituturing ko na ring bahagi lamang ng pangkahalatang kanbas ng Kalikasan ang lahat ng makita kong magsasaka, negosyante, klerk sa nayon, matandang babae at lalaki. Alam kong naiiba sila sa mga pigura sa isang larawan, dahil bawat isa'y kikilos ayon sa gusto niya. Gayun pa man, sa palagay ko'y bulgar ang pagsusuri ng karaniwang nobelista sa kanilang mga tauhan, ang pagtatangka nilang silipin ang isipan ng mga ito at ang pakikialam sa pang-araw-araw nilang mga problema. Walang halaga sa akin kahit gumagalaw ang mga tao, dahil iisipin kong sila'y gumagalaw sa larawan lamang; at ang mga pigura sa isang larawan, gumalaw man nang gumalaw, ay nakakulong sa dadalawang dimensiyon. Siyempre, kung iisipin mong may tatlong dimensiyon sila, magkakaroon ng kumplikasyon dahil makikita mo na lamang na natutulak ka, at minsan pa, mapipilitan kang pag-isipan ang inyong pagbabanggaan ng mga interes. Maliwanag na imposible para kanino mang nasa sitwasyong ito na tingnan ang mga bagay sa punto de bista ng sining. Mula ngayon, magiging obhetibo ako sa pagmamasid sa lahat ng makikilala ko. Sa ganitong paraan, makaiiwas ako sa ano mang ugnayang emosyonal na maaring mamagitan sa aming dalawa, kaya hindi ako maaapektuhan gaano man siya kalapit sa akin. Sa maikling salita, para lang akong nakatayo sa harap ng isang larawan , nagmamasid sa masiglang kilos ng mga tauhan dito. Sa layong tatlong piye mula sa kanbas, mahinahon mo itong mapagmamasdan, dahil walang panganib na masasangkot. Sa ibang salita, hindi maaagaw ng sariling interes ang iyong kakayahang mag-iisip kaya maibubuhos mo ang atensiyon sa pagmamasid sa mga galaw ng mga tauhan mula sa artistikong pananaw. Nangangahulugang maibubuhos mo nang husto ang iyong pansin sa paghusga sa kung alin ang maganda at alin ang hindi.

Nang makabuo ako ng ganitong konklusyon, napatingala ako at napansin kong nagbabanta ang langit. Pakiramdam ko'y nasa tuktok ko na ang bigat ng ulap. Ngunit halos di ko napansin, biglang kumalat ang ulap at ang buong kalangitan ay naging isang napakagandang dagat ng ulap, na naghuhulog ng masinsing patak ng ulang tagsibol. Nasa pagitan na ako ngayon ng dalawang bundok at malayo ang mga rape-blossom. Hindi ko nga lamang masabi kung gaano na kalayo, dahil napakasinsin ng ulan. Paminsan-minsan, may sumasalit na hangin at nahahawi ang mataas na kurtinang ulap, saka lilitaw sa dakong kanan ang maitim na abuhing gilid ng bundok. Tila may mga kabundukang nakalatag sa kabila ng kapatagan. Sa dakong kaliwa, tanaw ko ang paanan ng isa pang bundok, at kung minsan sa kabila ng parang kurtinang ambon, nabubuo ang tila aninong hugis ng

mga punong pino, na nalalabas saglit at muling magtatago. Hindi ko alam kung ulan o ang mga puno ang gumagalaw, o kung ang lahat ng nasasaksihan ko ay bahagi lamang ng panaginip. Ano man iyon, sa tingin ko'y ibang-iba sa karaniwan at napakaganda.

Sa dakong ito, di ko inaasahang naging napakaluwag ng daanan; dahil pantay ito, ang paglalakad ay hindi napakasakit sa likod na gaya ng dati. Mabuti naman, dahil hindi ko napaghandaan ang ulan mula sa aking sumbrero nang makarinig ako ng pagkuliling ng mga kampanilya sa layong sampu o labindalawang yarda. Mula sa kadiliman, sumulpot ang anino ng kutsero.

"May alam ba kayong matitigilan dito?"

"May tea house sa banda roon, mga isang milya ang layo. Basang-basa na kayo, a!"

Isang milya pa! Lumingon ako at pinagmasdan ang kutsero na nagmimistulang anino sa isang umaandap na mahiwagang lampara, hanggang sa unti-unting sumanib ang anyo nito sa ulan at lubusang mawala sa paningin.

Ang mga patak ng ulan, na kanina'y parang pinung-pinong ipa na tinatangay ng hangin, ay papalaki na ngayon at papahaba, at nakikita ko nang buo ang bawat patak. Basang-basa na ang aking haori at ang ulang bumabasa maging sa aking mga panloob na kasuotan, ay maligamgam na sa init ng aking katawan. Napakakawawa ng pakiramdam ko kaya itinakip ko sa isang mata ang aking sumbrero at binilisan ang paglakad.

Kung sa iba mangyayari ito, naisip ko na ang pagkabasa sa ulan na napaliligiran ng di mabilang na patak ng pilak habang naglalakad sa abuhing kalawakan, ay magandang paksa ng isang kahanga-hangang tula. Kapag lubos ko lamang nalimutan ang aking materyal na buhay, at tiningnan ang aking sarili sa isang obhetibong pananaw, saka ko pa lamang maiaakma ang sarili, tulad ng pigura sa larawan sa kagandahan ng Kalikasan sa aking paligid. Sa sandaling mainis ako sa ulan, o mayamot dahil sa pagod na ako sa paglalakad, hindi na ako ang karakter sa isang tula, o ang pigura sa isang larawan, at muli akong mababalik sa dating walang pang-unawa at walang pakiramdam na lalaki sa kalye gaya ng dati. Kung ganoon ay bulag ako sa kagandahan ng nagdaraang ulap; walang pakiramdam sa pagkalagas ng bulaklak o iyak ng ibon, at lalo nang walang pagpapahalaga sa napakagandang larawan ng aking sarili na nag-iisang naglalakad sa kabundunkan isang araw ng tagsibol.

Nang una, hinatak ko pababa ang sumbrero at binilisan ko ang paglakad. Nang malaunan, pinagmasdan kong mabuti ang mga paa ko. Sa wakas, talunan at laylay ang mga balikat, humakbang akong parang kawawang-kawawa. Sa lahat ng dako, inaalog ng hangin ang mga tuktok ng puno, at pinagmamadali ang ulilang naglalakad. Pakiramdam ko'y napalayo na ako nang husto sa sangkatauhan!

Kumusta ang iyong pagbabasa? Naramdaman mo rin ba ang emosyong naghari sa tauhan ng akda?

Kung inunawa mo at binasang mabuti ang akda, masasagutan mo ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Madali lamang ang mga ito at makatutulong sa iyong pagsagot ang pag-unawang mabuti sa mga panuto sa bawat gawain.

Ang unang gawain ay tungkol sa matatalinghagang pahayag o tayutay at mga uri nito. Hayaan mong magbigay muna ako ng maikling paliwanag tungkol dito.

Ayon kay Dr. Villa Panganiban, ang tayutay o figura ay isang sinadyang paglayo sa karaniwang paggamit ng mga salita upang pasarapin ang pag-unawa at gawing lalong maharaya, mabisa at kaakit-akit ang pagpapahayag: Ang paggamit ng tayutay ay nakapagdaragdag ng kalinawan at kagandahan ng isang katha o akda, pasalita man o pasulat.

Ang pananayutay ay kasingkahulugan din ng paggamit ng patalinghagang pagpapahayag. Madalas makita ang mga ito sa tula, sanaysay, maikling kuwento, dula at nobela.

May iba't ibang uri ang tayutay at narito ang ilan sa pinakagamitin:

*Simili o Pagtutulad*- ito'y lantad na paghahambing ng dalawang magkaibang bagay na ginagamitan ng mga pariralang tulad ng, wangis, wari, gaya ng, tila, mistula, animo at iba pa.
Halimbawa: Sakong na waring kinuyam na rosas.

*Metapora o Pagwawangis*- ito'y tuwirang paghahambing ng dalawang magkaibang bagay na di ginagamitan ng mga salita o pariralang pagtutulad.
Halimbawa: Labanos sa kaputian ang kanyang kutis.

*Personipikasyon o Pagtatao*- ito'y pagbibigay-buhay sa mga bagay na walang buhay. Isinasalin ang mga talino at katangiang sadyang angkin lamang ng tao sa mga karaniwang bagay.
Halimbawa: Lumuha ang mga bituin sa kalangitan.

*Hyperbole o Pagmamalabis*- tinatawag din itong eksaherasyon. Ito'y nagbibigay ng lagpas-lagpas, kalabisan o kakulangang angkin ng mga bagay, tao, pangyayari, kalagayan o katangian.
Halimbawa: Nanliit ako sa sobrang kahihiyan.

*Apostrope o Pagtawag*- Ito'y tuwirang pagtawag o pakikipag-usap sa isang di kaharap o panawagan sa isang bagay na bagamat wala ay ipinalalagay na naroon.
Halimbawa: Mahiganting langit! Bangis mo'y nasaan?

*Onomatopea o Paghihimig*- Ang pagtatayutay dito'y isinasagawa sa pamamagitan ng mga tunog ng mga bagay na pinagmumulan nito. Ang mga tunog na ito'y ang kumakatawan sa kahulugan.
Halimbawa: Teng! Teng! Teng! Orasyon na naman.

**3. Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

Panuto: Suriin ang sumusunod na pangungusap at piliin ang letra ng tayutay na tumutugon dito.

A. Simile o Pagtutulad
B. Metapora o Pagwawangis
C. Personipikasyon o Pagtatao
D. Hyperbole o Pagmamalabis
E. Apostrope o Pagtawag
F. Onomatopea o Paghihimig


1. Nagpaparoo't parito ang malamig na hangin.
2. Makikita ang mga dahon na parang ngipin ng lagari.
3. Ang mga patak ng ulan na pinung-pinong ipa sa kalangitan.
4. Napupuno ang iyong dibdib sa kalansing ng mga kampanilya.
5. Ang buong kalangita'y naging isang napakagandang dagat sa ulap.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

b.1 Panuto: Isulat ang letrang B kung ang pahayag ay naglalarawan sa kagandahan ng kalikasan at nagbibigay ng magandang bunga sa nagsasalita sa akda at H kung hindi.

1. Nakita niya ang nagsasayawang puno ng rape-blossom.
2. Habang naglalakad ay napansin niya ang kalbo at batuhing bundok na kanyang tinatahak.
3. Nakatapak siya ng dandelion na may mga dahong parang ngipin ng lagari na nakatayong nagmamalaki.
4. Narinig niya ang awit ng isang pipit.
5. Nakita niya ang pira-pirasong bato sa daan.

b.2 Panuto: Suriin ang mga simbolo at ikonek sa pamamagitan ng linya ang magandang ibinunga ng pagpunta sa Tatsulok na Daigdig ng pangunahing tauhan.




Ang akdang katatapos mo lang basahin ay isa ring nobela na katulad ng akdang binasa at sinuri mo sa unang aralin ngunit ang binibigyang-diin dito ay Teoryang Romantesismo. Ang namamayani rito ay emosyon o likas na kalayaan. Pinaiiral dito ang sentimentalismo at ideyalismo. Higit na pinahahalagahan ang damdamin kaysa ideyang siyentipiko. Sa teoryang ito, inspirasyon ang pangunahing kasangkapan upang mabatid ng tao ang katotohanan, kabutihan at ang kagandahan.

Naging maliwanag ba sa iyo kung ano ang tinatawag na Teoryang Romantesismo? Makatutulong sa iyo ang binasang paliwanag sa pagsagot sa susunod na gawain. Kung handa ka na, maaari mo nang simulan.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Panuto: Basahin ang sumusunod na pangyayari sa akda at piliin ang letra ng emosyong nangingibabaw sa damdamin ng tauhan sa akda.

| | | |
|---|---|---|
| A. Pag-asa | C. Pagtataka | E. Pagkatuwa |
| B. Paghanga | D. Pagsisisi | F. Pagkayamot |

1. Ibig na tumakas sa buhay na naranasan at magtungo kung saan higit na maganda ang buhay.
2. Sa halip na ilarawan ang mundo na puno ng alalahanin at problemang nagpapabigat sa buhay ay ilarawan ang isang daigdig na punung-puno ng biyaya at pagmamahal.
3. Sa kailaliman ng kaligayahan, naroon ang kalungkutan; at kung lalong maligaya, lalo ring matindi ang sakit; mahalaga ang pera, pero kapag naipon, di ba nagiging problema lamang ito na bumabagabag hanggang sa pagtulog?

4. Terible ang daang kanyang nakita… Pagtingala, makikita ang pigurang nakabalot ng pulang kumot na pababa sa gilid ng bundok.
5. Pagtingin nya sa rape-blossom, dandelion at ang namumukadkad na cherry ay lumukso at sumayaw ang kanyang puso.

**d. Halagang Pangkatauhan**

d.1 Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga linya sa awitin at pagkatapos ay piliin ang lahat ng uri ng kalikasan na nabanggit na dapat mahalin at pangalagaan ng mga tao.

**KAPALIGIRAN**

Wala ka bang napapansin
Sa iyong mga kapaligiran
Kay dumi na ng hangin
Pati na ang mga ilog natin

Hindi na masama ang pag-unlad,
At malayu-layo na rin ang ating narating
Nguni't masdan mo ang tubig sa dagat
Dati'y kulay asul, ngayo'y naging itim

Ang mga duming ating ikinalat sa hangin,
Sa langit huwag na nating paabutin
Upang kung tayo'y pumanaw man,
Sariwang hangin, sa langit natin matitikman

Mayro'n lang akong hinihiling
Sa aking pagpanaw, sana ay tag-ulan
Gitara ko ay aking dadalhin
Upang sa ulap na lang tayo magkantahan

Ang mga batang ngayon lang isinilang
May hangin pa kayang matitikman?
May mga puno pa kaya silang aakyatin?
May mga ilog pa kayang lalanguyan?

d.2 Panuto: Kaugnay ng awitin, magbigay ka ng tatlong paraan kung paano mo mapahahalagahan ang kalikasan at kapaligiran.

Marami-rami na rin ang iyong nasagutang gawain. Nasiyahan ka ba sa pagsagot? Maaari mo nang kunin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang malaman mo ang iskor na iyong nakuha sa bawat gawain.

4. **Palalimin mo…**

Anu-ano sa palagay mo ang mga bagay na dapat mong isaalang-alang matapos mabasa ang aralin?

Panuto: Ikahon ang unang isasaalang-alang, bilugan ang ikalawa at guhitan ang ikatlo.

- Iwasan ang pagiging emosyonal.
- Takasan ang problema.
- Magkaroon ng magandang pananaw sa buhay.
- Hanapin sa Tatsulok na Daigdig ang kasagutan sa problema.
- Mahalin ang kalikasan at kapaligiran.

Tingnan mong muli ang makukuha mong iskor. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.


5. **Gamitin mo…**

Panuto: Lagyan ng tsek ang mga pahayag sa akda na tumutugon sa positibong pagpapahalaga sa buhay.

1. Karapat-dapat mamuhay sa mundong ito na puno ng pagsubok.
2. Dapat na pahalagahan ang mga gawain.
3. Bigyang-halaga ang mga kalikasan sa paligid.
4. Iwasan ang masyadong maging emosyonal sa mga pangyayaring nagaganap sa buhay.
5. Magandang libangan ang pag-akyat sa kabundukan.

6. **Sulatin mo…**

Panuto: Bumuo ng isang talata na kinapapalooban ng tatlong pangungusap na naglalahad ng mga kaisipang may kaugnayan sa akdang binsa. Gamitin ang mga salita sa loob ng dayagram.





Maayos ba ang nabuo mong talata? Nagamit mo bang lahat ang mga salitang nasa loob ng dayagram?

Ang susunod na gawain ay susubok naman sa lahat ng natutunan mo sa aralin. Maaari ka nang magsimula.

**7. Lagumin mo…**

Panuto: Bumuo ng maayos na mga kaisipan o konsepto mula sa akdang binasa gamit ang mga pariralang nasa loob ng dayagram.




**8. Subukin mo…**

Panuto: 1-3. Isulat ang letra ng uri ng tayutay na nagpapaloob sa bawat pahayag.

A. simili C. hyperbole
B. metapora D. personipikasyon

1. Sumayaw ang puso ni Shelley sa narinig na awit ng mga pipit.

2. Habang pababa sa bundok ay napansin niyang nagbabanta ang langit.

3. Nang mga sandaling iyon ay naramdaman nyang nasa tuktok na niya ang bigat ng ulap.

4-10. Piliin ang letra ng pinakaangkop na sagot.

4. Habang papaakyat pa lamang si Shelley sa bundok, ang paglalarawan niya sa buhay sa daigdig ay:
   a. masama c. malungkot
   b. magulo d. kasumpa-sumpa

5. Malayo pa siya sa tuktok ng bundok na inakyat ay pansin na pansin na niya ang itsura ng bato. Alin sa mga ito ang tanda ng paglalarawan nya sa bundok?
   a. kalbo c. masukal
   b. mabato d. walang puno

6. Napahinto siya sa paglalakad nang marinig ang awit ng pipit, makita ang dahon ng dandelion at rape-blossom. Ano ang ibinunga ng mga ito sa kanya?
   a. kasiyahan c. kapanatagan
   b. kalungkutan d. kawalang-pag-asa

7. Naipaliwanag sa akdang binasa ang bisa ng pagkakagamit ng:
   a. tauhan c. katalinuhan
   b. nobela d. kalikasan at kapaligiran

8. Ang teoryang pampanitikan na binibigyang-diin sa akda ay:
   a. Realismo c. Klasisismo
   b. Humanismo d. Romantesismo

9. Napatunayan sa akda na ang kapaligiran ay nakapagbibigay sa tao ng:
   a. inspirasyon c. kagalakan sa buhay
   b. masaganang pamumuhay d. malusog na katawan


10. Sa patuloy nating pamumuhay sa mundo, ang dapat gawin sa mga kalikasan at kapaligiran ay:
   a. paunlarin c. gamitin sa negosyo
   b. pakinabangan d. pagkunan ng ikabubuhay

Iwasto mo ang iyong mga gawain. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Ano ang nakuha mong iskor? Kung 7 pataas, maaari ka nang magsimula sa kasunod na gawain ngunit kung 6 pababa, sagutin mo muna ang gawaing "Paunlarin mo…" Kayang-kaya mo ito sapagkat kaugnay naman ito sa katatapos lang na aralin. Maaari mo nang simulan.

**9. Paunlarin mo…**

Panuto: Hanapin sa Venn Diagram ang dalawang salita na binibigyang-diin sa akda na dapat bigyang-pansin ng mga tao sa daigdig.




Madali lang di ba? Nabuo mo ba ang dalawang salita? Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Sagutin mo ngayon ang susunod na pagsubok. Ang mga katanungan dito ay may kaugnayan sa dalawang aralin na tinatalakay natin.

Maaari ka nang magsimula.

## *Gaano ka na kahusay?*

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang letra ng pinakaangkop na kasagutan.

6. Naramdaman ni Shelley ang patak ng ulan na napaliligiran ng di mabilang na patak ng pilak. Nangangahulugang ang ulan ay:
   a. ambon c. malakas
   b. mahina d. katamtaman

7. Ang uri ng tayutay na nakapaloob sa unang bilang ay:
   a. simili c. hyperbole
   b. metapora d. onomatopea

8. Sa kalaliman ng kaligayahan, naroon ang kalungkutan. Nangangahulugan lamang na ang buhay ay:
   a. tulad ng isang kandila na may katapusan
   b. maihahalintulad sa isang matayog na kawayan
   c. parang gulong, minsan nasa ilalim, minsan nasa ibabaw
   d. tanghalan o teatro na maaaring makapagbigay aliw at kalungkutan

9. Maraming alam si Wak Katok mula sa panggagamot, pagtatanggol sa sarili at mga bulong kaugnay sa birtud. Ang naging bunga nito ay itinuring siyang:
   a. amo c. bathala
   b. hari d. pinuno

10. Lumayo sa mundo si Shelley at nagtungo sa Tatsulok na Daigdig upang makapag-isip-isip at ang ibinunga nito sa kanya ay:
    a. paghanga c. paghihimagsik
    b. kalungkutan d. pagkamulat ng isipan

11. May mga taong tumitira sa kagubatan upang doon manguha ng ikabubuhay. Ang maaaring maging epekto nito sa kagubatan ay:
    a. masira c. makalbo
    b. magulo d. mamatay

12. Ang namamayani sa nobelang Tatsulok na Daigdig ay emosyon at pinahahalagahan ang damdamin. Samakatuwid ito ay nabibilang sa teoryang:
    a. Klasismo c. Humanismo
    b. Naturalismo d. Romantesismo

13. Inilarawan sa nobelang Tigre! Tigre! ang mga tauhang matatagpuan sa kagubatan na maihahalintulad sa bangis ng isang tigre at naglalaman ng kasuklam-suklam na mga detalye. Ang teoryang binibigyang-diin sa akdang ito ay:

a. Klasismo c. Humanismo
b. Naturalismo d. Romantesismo

14. Sa dalawang akdang binasa, higit na binibigyang-pansin at halaga ang pagmamahal sa:
    a. tao c. daigdig
    b. buhay d. kalikasan at kapaligiran

15. Ang islogan na angkop sa dalawang seleksyon ay:
    a. Ang mga tao sa mundo, dapat laging magtrabaho
    b. Problema ay wag takasan, atin itong solusyunan
    c. Atin sanang bigyan ng halaga, ang buhay nating tinatamasa
    d. Kapaligiran at kalikasan, yamang tunay nating mamamayan

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at itsek ang iyong huling gawain.

Nawa'y nagdulot sa iyo ng kasiyahan at nagbigay ng karagdang kaalaman ang dalawang araling ating tinalakay.

# Susi sa Pagwawasto

Aralin 1: Tigre! Tigre!

Ano ba ang alam mo?

1. c
2. c
3. c
4. b
5. d
6. d
7. c
8. b
9. b
10. b

Mga gawain sa Pagkatuto

Alamin mo…

1. matapat
2. mabangis
3. tuso
4. taksil
5. masipag

Linangin mo…

a. Pagsusuring Panlinggwistika

1. b
2. a
3. b
4. a
5. d

b. Pagsusuring Pangnilalaman

1. S
2. B
3. S
4. B
5. B

c. Pagsusuring Pampanitikan

1. x
2. ✓
3. x
4. ✓
5. ✓

d. Halagang Pangkatauhan

[1.]
2.
[3.]
[4.]
5.

Palalimin mo…

| Positibo | Kawili-wili | Negatibo |
|---|---|---|
| 1 | 3 | 2 |
| 4 | 6 | 5 |
| 7 | | |

Gamitin mo…

1. c
2. d
3. a
4. b
5. e

Sulatin mo…

Ang nobela ay pinamagatang Tigre! Tigre! Inilahad kasi rito ang maruming paraan ng pamumuhay, gawi at mga katangian ng tauhan. Lahat sila ay masasabing taglay ang ugali ng isang Tigre, mabangis, matapang at animo'y hari ng kagubatan.

Lagumin mo…

(1.)
(2.)
3.
(4.)
5.
(6.)
(7.)
8.
(9.)
10.

Subukin mo…

1. b
2. c
3. a
4. d
5. c
6. a
7. a
8. a
9. b
10. b

Paunlarin mo….

| |
|---|
| Mahalin ang kalikasan, yaman ito ng ating bayan |

| |
|---|
| Sakuna sa ating baya'y maiiwasan kung kalikasa'y ating aalagaan |

Aralin 2: Tatsulok na Daigdig

Mga gawain sa Pagkatuto

Alamin mo…

1. ibon
2. puno
3. ilog
4. hayop
5. bundok/ kabundukan

Linangin mo…

a. Pagsusuring Panlinggwistika

1. c
2. a
3. b
4. f
5. d


b. Pagsusuring Pangnilalaman

b. 1

1. b
2. h

3. b
4. b
5. h

b.2




c. Pagsusuring Pampanitikan

1. f
2. a
3. c
4. b
5. e

d. Halagang Pangkatauhan

d.1

1. hangin
2. ilog
3. tubig sa dagat
4. ulap
5. puno

d.2

- Iwasan ang pagtatapon ng basura at dumi sa mga ilog at karagatan
- Magtanim ng mga puno at iwasan ang pagputol sa mga ito
- Panatilihing malinis ang hangin

- Iwasan ang pagbubuga ng mga sasakyan at pabrika ng nakalalasong usok

Palalimin mo…

Iwasan ang pagiging emosyonal

Magkaroon ng magandang pananaw sa buhay


Mahalin ang kalikasan at kapaligiran

Gamitin mo…


1.
2.
3.
4.
5.

Sulatin mo…

Pagbuo ng talatang kiinapapalooban ng tatlong pangungusap na naglalahad ng mga kaisipang may kaugnayan sa akdang binasa. Gagamitin ang mga salita sa loob ng dayagram.




Pagbubuo ng kaisipan gamit ang mga pariralang nasa loob ng dayagram.



Lagumin mo…

1. ✓
2.
3.
4. ✓
5.
6.
7. ✓
8.
9. ✓
10. ✓

Subukin mo…

1. a
2. a
3. c
4. d
5. c
6. a
7. d
8. d
9. a
10. a

Paunlarin mo…

Kalikasan }
Kapaligiran }

Gaano ka na kahusay?

1. c
2. c
3. c/d
4. d
5. d
6. d
7. d
8. b
9. d
10. d

| Kasanayang Pampanitikan | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Modyul Blg. | Pagsalita | Pagbasa | Pampanitikan | Pagsulat | Pamagat |
| 13 | Nabibigyang - kahulugan ang mga salita at pahayag na may tagong kahulugan<br><br>Napatutunayang ang pag-aalaga at pagmamalasakit sa kalikasan at lahat ng nilikha ay lubhang mahalaga tungo sa pagkaka-roon ng maayos na pamumuhay | Nilalahad ang mga bahaging nagpapakita ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa akda | Naipaliliwanag ang teoryang naturalismo batay sa mga pangyayaring binanggit sa nobela | Nakasusulat ng salaysay kaugnay ng mga tauhan at pangyayari sa akda | Tigre! Tigre! |
| | Natutukoy ang iba't ibang uri ng tayutay na ginamit sa akda<br><br>Napatutunayang mahalaga ang pagmamahal sa kalikasan at kapaligiran | Nailalarawan ang kagandahan ng kalikasan at ang ibinunga nito sa pangunahing tauhan | Nailalarawan ang bisa ng pagkakagamit ng kalikasan at kapaligiran batay sa teoryang romantesismo | Nakabubuo ng talata na binubuo ng mga kaisipan kaugnay sa akdang binasa | Tatsulok na Daigdig |